# *AT KAKAMTIN NG IYONG BINHI ANG PINTUANG-BAYAN NG KANYANG KAAWAY*

Ako po, gaya ng nakagawian na, ay isa o dalawang oras na atrasado. Tumayo ang pastor, ang sabi, "Ngayon, nais kong ipakilala sa inyong lahat ang atrasadong si G. Branham." Buweno, marami po kasi akong bagay na kailangang gawin kaya ako'y—ako'y naaatrasado paminsan-minsan. Pero sa pagkakataon na ito ay di ko naiwasan. Dahil po sa klima't panahon 'yan po ang dahilan ngayon. Haya't sinisisi ko nga ang klima at kaya absuwelto ako. Kinakailangan na ipagpaliban ito, Kapatid na lalaking Rose, nang kaunti. Magandang umaga, Kapatid na babaing Rose. At ikinagagalak ko na makasama sa umagang ito, sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Rose, at si Kapatid na Sharrit, at maraming mga kapatid, kayo na kalugud-lugod na mga kapatid diyan.

2 Narinig ko po, may nagsabi sa akin, "Kapag daw umulan sa Phoenix, ang lahat daw ay nananatili na lang sa kama," grabeng iba po, alam n'yo. Isa sa mga araw na ito talagang makakakuha ako ng libreng makakain. Sinasabi nila sa akin na puwede ka raw makakuha ng libreng makakain sa araw na hindi sisikat ang araw. Aantabayanan ko ito ngayong araw, sisingilin sila para dun.

3 Ako po'y nangungusap kagabi, sa isang iglesya. Hindi ko lang po maalala ang pangalan ng simbahan. At mangyari po na nagtamasa kami ng maluwalhating panahon, kagabi, doon sa gawain na 'yun. At doon kina Kapatid na Outlaw, at doon sa Tempe, at kami'y talagang nagtatamasa ng mainam na panahon sa pagbubuklod na ito. At inaasahan ko na makasalamuha ang lahat na mga kapatid na ministrong ito sa kumbensyon, na gugugol kami ng panahon para medyo magpahinga't maupo, Kapatid na lalaking Rose, at makipag-usap. At 'yan po ang ipinunta ko, ang magkaroon ng pakikipagbuklod. At nagkaroon kami . . . tiningnan ko ang aming iskedyul at marami akong nakikitang mga lugar. Pero naisip ko na ito ang pinaka malaking oportunidad, dahil nagkaroon ako ng pagkakataon na—na makasalamuha ang iba-iba, na makita sila at makausap mismo.

4 Kung minsan sa pangangaral, bawat ministro'y hindi nauunawaan nang tama, sa kung anong paraan o ano. Maraming pagkakataon, na ang pagkaunawa ng mga tao sa isang bagay na

sinasabi mo at para bang . . . Iba ang dating nun sa kanila, kaya iba ang pagkakakuwento nila roon. At pagkatapos maririnig 'yun ng isa, 'yun nga'y mas lalong umiiba nang umiiba ang dating. Malalaman mo na lang, ang layo na nun sa orihinal.

5 Kaya—kaya tayo, maraming beses, sa pangangaral, medyo nadidiin ko ang mga denominasyon at mga organisasyon at mga bagay-bagay. Kung minsan, sinasabi tuloy ng mga tao, "Laban si Kapatid na Branham sa organisasyon." Mali po. Hindi po ako laban sa organisasyon. Pero mangyari lang na maraming pagkakataon na ang ang mga tao'y masyadong dumedepende sa organisasyon, kita n'yo, at inilalagak ang kanilang pag-asa nang buong-buo roon sa halip na kay Cristo.

6 Nakatingin sila sa gaanong karaming miyembro ang magagawa nilang maakay sa organisasyon na 'yun. Ngayon, ayos na ayos lang naman 'yan. Ako—ako . . . Ayos lang po 'yan. Sa palagay ko naman bawat organisasyon ay dapat lang mag-akay ng bawat miyembro na maaakay nila. Napakainam po n'yan. Pero kapag dumating kayo sa punto na pag-akay na lang ng mga di pa napagbagong-loob at mas binibigyan 'yun ng importansya kaysa sa pagtuunan ng higit na pansin ang Espiritu Santo, gaya ng sinasabi rito ni Kapatid na lalaking Rose kani-kanina lang, at mga bagay-bagay, ay maibubunsod n'yo nga—n'yo nga ang mga tao na isipin nila, "Bahagi kami ng *ganito*, at bahagi kami ng *ganoon*." Kung tutuusin, bahagi tayong lahat sa Diyos. Kita n'yo?

7 Ngayon, kung makakita ako ng isang tao na binabagtas ang ilog sakay sa isang bangka . . . At nakatira ako sa tabi ng isang ilog sa Indiana, ang Ohio River, at ako'y malapit na sa talon. At napaka delikadong lugar 'yun, 'yung mga talon, dahil haya't sasadsad kayo roon. Kung makadadako kayo roon sa talon na 'yun, walang bangka ang makababagtas dun, dahil 'yun nga'y, mga apatnapu-o-limampung talampakan na tuluy-tuloy pababa, at pagkatapos may malaking humahalukay na naghihintay dun sa ibaba, na ito nga'y tumatama roon sa bato, hanggang sa pinakailalim na bato roon. At sa palagay ko 'yung —'yung—'yung pinagsasalpukan, 'yung puting pinagsasalpukan, ay bumubulwak sa ilalim nung talon na mga apatnapung talampakan ang taas, kita n'yo, kung saan 'yun tumatama, na tumatalsik pataas uli. At sadya ngang bumabagsak pababa na gaya nun, at bababa dun sa isang malaking ragasa na mga animnapu o pitumpung talampakan ang lalim. At doon ay may alimpuyo na pinaiikot 'yun sa direksyon na *ito*, at iluluwa 'yun tapos didire-diretso dun sa isang agusan dun. Wala ngang tyansa para makaligtas, kita n'yo.

8 May isang lalaki na napagawi rito may katagalan na at nakasuot ng life jacket 'yung lalaki. Ang nakita lang nila ay noong bumagsak siya roon, nang *paganoon*. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang daliri niya—Pat.] Maski 'yung life

jacket, 'yung matinding agos na 'yun ay dinala siya sa ilalim. At hindi na nila siya nahagilap kailanman. Di na nalaman kung ano bang nangyari sa kanya. Sumabit siya roon sa mga bato o sa mga gilid-gilid sa ibaba roon, marahil isa o dalawang milya sa palibot, nang paganoon, at wala ngang tyansa na makaligtas.

9 At kung may makita akong isang tao na bumabagtas sa ilog sa isang maliit na lumang bangka, na nakaupo roon na nagbabasa, patuloy na nagbabangka roon, haya't talagang pupunta ako para sigawan siya, "Umalis ka riyan sa bangka na 'yan. Hindi kakayanin ng bangka na 'yan ang mga agos." Ngayon, hindi po 'yan dahil may kung anong laban ako sa tao na 'yun, kahit na kinailangan ko siyang bulyawan at makipag-usap nang diretsahan sa kanya. Hindi 'yan dahil may kung anong laban ako sa tao na 'yun. Mahal ko ang tao na 'yun, pero alam ko na babagsak siya roon. Yan ang dahilan kung bakit sinisigawan ko siya. Dahil hindi siya . . . Dahil nga mahal ko siya, 'yun ang—ang dahilan kung bakit ako sumisigaw. Kung wala akong pakialam, sasabihin ko, "Buweno, mabuti nga," sige patuloy ka, kita n'yo, kung wala akong pakialam sa kanya.

10 Pero ang dahilan kung bakit sinasabi ko ang mga bagay na 'yun ay dahil masikap ako sa mga bagay tungkol sa Iglesya. Ako—ako'y masikap tungkol sa Iglesya ng Diyos. At di ko—di ko nga gusto na makita Ito na nagiging isip-organisasyon na. At alam ko ang takbo, na ganyan ang nangyayari sa bawat iglesya na napapadpad sa batuhan, ganoon mismo, pababa mismo sa takbo ng pagiging organisasyon.

11 Isipin n'yo na lang ang rebaybal noong panahon ng mga Lutheran, tingnan n'yo kung saan 'yun napadpad. At noong sumadsad nga 'yun doon, hindi na 'yun kailanman nakaahon muli. Hindi na nakabalik ang mga Lutheran. Tingnan n'yo ang mga Wesley Methodist, hindi na kailanman nakabalik. Tingnan n'yo ang Pilgrim Holiness, ang mga Nazarene, lahat ng iba pa sa kanila, mga Baptist, Presbyterian. Nagkaroon sila ng rebaybal, at pagkatapos may lalaki na umahon na taglay ang kapangyarihan ng Diyos sa kanya, siya'y nagpasimula ng isang pagkilos sa Espiritu. Pagkatapos na ang lalaki na 'yun ay yumao na, pagkatapos nga'y nagtatag sila ng isang organisasyon mula roon.

12 Kagaya ng Moody Bible Institute, mainam na lugar, pero hindi na 'yun magiging katulad noong pinangangasiwaan pa ito ni Moody. Kita n'yo? At sa mga bagay na pinaninindigan ni Moody, sila'y milyong milya na ang layo mula roon, kaya hayan kayo. At ngayon ay pawang pagka-intelektuwal na lang ang lahat, samantalang pinangangasiwaan ito ni Moody noon sa Espiritu, kita n'yo. At kaya inyong—inyong masusumpungan 'yun, sa mga bagay na 'yun.

13 Ngayon, noong una akong nagpasimula, at pumunta rito sa Phoenix, maraming taon na ang nagdaan, sa Pentecostal na kilusan, nagkaroon ako ng oportunidad na magpasimula ng isang organisasyon mismo. May Latter-Rain na mga kapatid na lumapit sa akin, sabi, “Ito na ’yun. Magpasimula tayo. Aba, tayo’y magiging—magiging mas malaki kaysa sa sino pa man sa kanila.”

14 Sabi ko, “Kahabagan! Hindi ’yun ganoon. Hindi ’yun—hindi ’yun ganoon, mga kapatid. Kayo’y—kayo’y milyong milya ang pagkakalihis—pagkakalihis sa daan. Hindi ’yan kailanman pagpapalain ng Diyos.” Basahin n’yo ang kasaysayan n’yo. Basahin n’yo ang Biblia. Wala nang isa pang organisasyon na lalabas mula rito, na magmumula rito. Ganoon nga. Maoorganisa ito at mapapadpad sa. . .Nasa kalagayang Laodicea na ito ngayon. Pero sinasabi ko sa’yo, kapatid, wala nang pinagpala-ng-Diyos na mga organisasyon na lilitaw pa. Wala nang anuman na magmumula rito. Nandito na tayo sa Pagparito ng Panginoon. Kita n’yo? At kukunin ng Diyos ang nalabi mula sa malaking ekumenikal na kilusan na ito, na umiiral ngayon, para sa Nobya, pero kailanman ay wala nang anumang bagay na ioorganisa, sa espirituwal, kailanman. Kita n’yo? Tapos na ito.

15 Kapag nakikita ko ang mga kapatid ko, kalugud-lugod na mga kapatid, na pumapaling sa direksyon na ’yun, mangyari nga na ibinubuhos ko ito nang lahat ng makakaya ko. At kung minsan sasabihin ng mga kapatid, “Buweno, laban sa atin si Kapatid na Branham. Tayo’y. . .” Mali po ’yan. Naku! Yan—’yan po’y malayong-malayo sa iniisip ko, na maging laban sa kung sino man. Ako’y—ako’y kaagapay n’yo. Ako’y kapatid n’yo, kita n’yo, at sinisikap ang pinaka mainam kong magagawa. At ’yan ang dahilan kung bakit hindi ako umaanib sa alinmang organisasyon, para ako’y makatayo sa puwang at sabihin, “Kapatid, huwag. Hindi ’yan ang pamamaraan.”

16 Sinasabi nila, “Kasapi kami ng Assemblies.” Maganda ’yan. Ang Assemblies of God ay naging isang malaking pagpapala sa akin. “Kami ang Foursquare.” Buweno, tingnan n’yo kung paanong naging pagpapala rin sila sa akin. “Kami ang Jesus Name.” Tingnan n’yo kung paanong naging pagpapala sila sa akin. “Kami ’yung *ganito*, ’yung *iba*.” Anuman, silang lahat ay mga pagpapala. Sila’y—sila’y bayan ng Diyos. Kita n’yo? At ang bayan ng Diyos ay nasa lahat ng mga ito.

17 At kapag dumating tayo sa punto na ipinapakisama natin ang sarili natin, na sinasabi natin, “Mas higit na mainam kami rito kaysa sa Church of God,” kita n’yo, o, “Kami’y di hamak na mas mainam kaysa sa Foursquare o sa Jesus’ Name,” o parang ganoon. Samantalang tayo’y isa lamang. . .Marahil tayo’y iba-iba nang kaunti sa mga ideya. Na tayong lahat ay kakain ng hapunan ngayon, lahat tayo’y iba-ibang pie ang kuha, pero

kumakain pa rin tayo ng pie ano't anuman, kita n'yo. Ganoon po ang kaisipan. Kaya ang kaisipan doon, ganito, kung—kung makikita lamang natin ang pagbubuklod natin. Kaya huwag kayong dumako sa pagkiling tungo sa organisasyon. Kumiling kayo patungo sa Kalbaryo. Magiging patay kayo sa iba pang mga bagay na ito. Kita n'yo? At tunay na naniniwala ako . . .

18 Hayaan n'yong sabihin ko ito habang nasa isip ko pa. Ako'y naniniwala na ang isang organisasyon ay gumaganap naman ng isang mainam na bahagi. Dahil, maraming beses, mga kapatid, ganoong kay sama gaya ng ayaw na nating isipin 'yun, may mga bagay na lumilitaw sa kalagitnaan natin, at mga bagay na gaya nun, na hidwang pananampalataya. At 'yung mga tao nga'y tinatanggap 'yung mga hidwang 'yun at kinakalat ang mga tao kung saan-saan. At may grupo ng mga kapatiran na magsasama-sama na . . . na ako . . . Ang ibig ko pong sabihin ay katulad ng ginawa nila noon nung sinaunang panahon at lahat na ng uri ng mga bagay. At—at mayroon pa rin tayong ganoon sa panahon ngayon, kita n'yo, sadyang may paglaganap pa rin. At ang isang grupo ng mga tao na magagawa nilang tipunin ang kanilang mga sarili . . .

19 Ang tunay na larawan ng Pentecostes, sa opinyon ko, pagdating sa organisasyon, ay ang—ang iglesya, Kapatid na Pethrus, ang Filadelfia church sa Sweden. Ngayon, di nila alintana kung ano man ang doktrinang dala mo, basta't batay ito sa Kasulatan. Kung ang ibig mong tingin dun ay *paganito*, *paganoon*, o anuman, basta't may pakikisama ka't namumuhay ng isang tunay na malinis at banal na buhay. Hayan nga. Mainam 'yun. At kung nais mong sabihin na si Jesus ay darating sa isang puting kabayo, at 'yung isa nama'y magsasabi na Siya'y darating sa isang puting ulap, ay sa ganoong paraan n'yo Siya hintayin. Tuloy lang, basta't namumuhay kayo ng isang mainam na malinis na buhay at may pakikisama. Ganoon nga. Yun 'yun.

20 Yun, buweno, ngayon, 'yan ang isang rason, mga kaibigan, kung bakit ako kasama sa grupong ito ng Business Men. Bagamat, alam ko na maraming mga bagay roon na kailangang ituwid. Pero ito ang—ito ang pinaka mainam na mayroon tayo. Oo. Ganoon nga. Oo. Napakaraming bagay ang kailangan kong sabihin. At—at kayo, ang mga kapatid dito ay masasabi nila sa inyo, na hindi ako kailanman nagpipigil ng banat sa kanila. Ako'y narito bilang lingkod ng Diyos, para sabihin ang Katotohanan. At kailangan kong managot para dun. Ganoon nga. Ang sabi ni Kapatid na lalaking Rose, "Yan ang dahilan kung bakit gusto ka namin." Buweno, 'yun—'yun, buweno, hindi namin . . . Kami, kailangan naming manatili sa Salitang ito. Kita n'yo?

21 Nito lang medyo matagal na, sa palagay ko, ikaw ba'y nasa . . . Ako'y nasa ibayong dagat, o naroon sa isla noong nakaraang taon, at nagdaos sila ng pagtitipon, at may kapatid

dun na may ibinibida sa malaking pagtitipon na ito kung saan napadalo nila ang mga negosyante, sa buong bansa. At nangungusap sila roon tungkol sa, "Ako'y may munting puwesto noon sa kanto lang. Hindi patok ang negosyo ko. At hirap na hirap ako. At malalaman n'yo na lang, ako'y—ako'y pumarito't tinanggap si Cristo, at—at, oh, kamit ko na ngayon ang lahat." Ngayon, mainam 'yan. Hanga tayo riyan. Mainam 'yan, pero hindi laging ang ibig sabihin ng prosperidad ay Cristo. Na, kita n'yo, at kailangan nating maging mapagmatyag diyan. Ngayon, mainam 'yun. Kita n'yo? Ako . . . Wala akong anumang laban dun.

22 Pero medyo kinausap ko ang mga kapatid nung gabi na 'yun. Nagpunta kami sa motel kung saan isang—isang grupo namin ang tumitira roon, at si Kapatid na Shakarian at lahat kami. At ang sabi ko, "Buweno," sabi ko, "kapatid, sasabihin ko sa inyo." Sabi ko, "Sa—sa palagay ko kayo na mga kapatid ang pinaka mainam na grupo ng kalalakihan na nakatagpo ko, sa buhay ko. Pero," sabi ko, "tungkol nga roon," sabi ko . . .

23 Hindi ako kaanib sa anumang organisasyon, pero ako'y kabahagi sa pakikisama nila dun. Ako'y may fellowship card sa kanila, ang tanging card na mayroon ako, dahil nirerepresenta nun ang lahat na mga organisasyon, kita n'yo. At 'yun ang gusto ko. Yan ang pinagpupunyagi ko.

24 "Pero," sabi ko, "ang bagay na lumiligalig sa akin, ay kayo na mga kapatid sa harap ng mga kalalakihan na 'yun doon, na sanlibong beses na mas mayaman kaysa sa inyo, at pagkatapos sinasabi n'yo sa kanila na si Cristo ay prosperidad. Huwag na huwag n'yong ialok ang ganoon sa kanila." Kita n'yo?

25 Huwag na huwag kayong maihahalintulad sa sanlibutan. Ibunsod n'yo na ang sanlibutan ang pumarito sa ating mga teritoryo. Huwag kayo ang pupunta roon sa kanilang teritoryo. Kita n'yo? Kita n'yo? Umalis kayo roon sa kanilang teritoryo, hindi tayo kailanman kikinang kasama sila. Kung tutuusin, ang Ebanghelyo'y hindi kumikinang; nagliliwanag ito. Kumikinang ang Hollywood. Ang Ebanghelyo'y nagliliwanag. Malaki ang pinagkaiba ng pagliwanag at pagkinang.

26 At kaya, ngayon, tapos sabi ko, "Ang sinaunang Pentecostal na mga kapatid na may mga pag-aari, kanila pa ngang sinisikap na iwaglit 'yun, at pinapakain nila ang mahihirap, at iba pa na tulad nun, at dumadako roon na walang anumang pag-aari, kita n'yo, para ipangaral ang Ebanghelyo, para makiugnay." Sabi ko, "Tapos sinusubukan pa nating ibida kung gaanong karami ang mayroon tayo." Sabi ko, "Ibang-iba nga talaga!"

27 At may isang kalugud-lugod na munting kapatid, matapos ang ilang saglit ay tumayo siya, ang sabi sa akin, sabi niya, "Kapatid na Branham, isa 'yan sa pinaka malaking pagkakamali na nagawa ng mga tao."

28 Tapos sabi ko, "Ngayon, tingnan mo, kapatid, hindi ko pinaparamdam sa mga tao na ibenta nila ang bagay na pag-aari nila. Pero akin lang sinisikap na maipunto sa mga negosyante na ito."

Sabi niya, "Yan ang pinaka malaking pagkakamali, ng mga tao."

29 Sabi ko, "Ginawa nila 'yun sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sinabi sa kanila ng Espiritu Santo na gawin 'yun." Kapag sinasabi ng Espiritu Santo sa isang tao na gumawa ng isang bagay, haya't gawin n'yo ang bagay na sinasabi Niya sa inyo na gawin.

30 Tapos ang sabi niya, "Buweno, 'yun ang pinaka masaklap na pagkakamali na nagawa ng iglesya."

31 Sabi ko, "Bakit, kapatid?" At doon mismo sa harap nung lalaki na kau-kausap ko.

32 Sabi niya, "Dahil, noong may munting gulo na lumitaw sa iglesya noon, noong nagkaroon ng away sa pagitan ng mga Griyego at mga—at mga Hebreo, at kung ano pa," sabi, "ang mga taong 'yun ay walang mapuntahan. Wala na silang tahanan na mababalikan."

Sabi ko, "Yun pala eksakto ang kalooban ng Diyos."

Sabi niya, "Papaano naging kalooban 'yun ng Diyos?"

33 Sabi ko, "Nagpunta sila sa lahat ng dako, pinalalaganap ang Ebanghelyo, dahil wala na nga silang dako na mauwian."

34 Hindi nagkakamali ang Espiritu Santo. Talagang hindi Ito nagkakamali. Ganoon po. At gaya ng ipinapangusap ko kagabi, kinakailangan mo lang manghawakan sa Diyos, at manghawakan sa Kanyang Salita, at manghawakan mismo roon. Saan ka man Nito pangunahan, sumunod ka lamang Dito. Magpatuloy sa paglakad na 'yun na gaya n'yan.

35 Pero ako po'y tunay na isang—isang sumusuporta sa pakikisama na ito ng Business Men. At sa bawat kumbensyon na imbitado ako, lagi akong nagpupunta at nangungusap, ipinapangusap ko ang lahat ng mapapangusap ko. Hindi lang 'yung para may mapangusap lang ako ng kung anong bagay, para malugod ang isang tao, si *Ganito-at-ganoon*. Pero sa tuwing nagpupunta ako sa pagtitipon ko, sinisikap kong mag-aral at manalangin at mag-ayuno, at magsabi, "Panginoong Jesus, ano—ano po ba ang maaari kong ipangusap na makakatulong sa mga tao roon."

36 Alam ng lahat na hindi ako isang mangangaral. Hindi ako mahusay magsalita. Ako—ako'y. . .Alam 'yan ng lahat. Hindi ako isang mangangaral. Ang aking—aking mensahe ay pananalangin sa mga maysakit, at iba pa gaya n'yan. Pero, hindi po ako isang mangangaral. Kahit sino naman ay malalaman 'yan, kapag pinakinggan akong mangaral. Pero sa bagay na

ipinapangusap ko talaga, nais kong bigyang-diin ang bagay na magiging kapaki-pakinabang.

37 Hindi 'yung masabi lang, "Hindi ba't isa—isa siyang mabisang tagapagsalita? Hindi ba't tama lagi ang gamit niyang baybay ng pangungusap? Hindi ba't kahanga-hanga siya sa pulpito?" Hindi ko gusto ang ganoon. Hindi ko—hindi ko kayang gawin ang ganoon. Hindi ako tinawag ng Diyos para roon.

38 Pero sinisikap kong makasumpong ng bagay na makakatulong sa mga tao roon, at sa iglesya roon na maging mas mainam na iglesya, makatulong para maging mas mainam ito na mga tao, na ipapanalangin sila.

39 Ngayon, sinasabi ko po ang gaya nito dahil may nakikita pa akong mangilan-ngilan na mga tao na nagtitipon pa, at umuulan. Yan ang dahilan kung bakit sinasabi ko pa ang mga bagay na ito. Ngayon, sangkapat pa pagkatapos.

40 At ngayon nais kong pasalamatan ang kapatid. Matagal ko nang kakilala si Kapatid na Fuller, mahal ko siya noon pa, sa kaibuturan ng puso ko. At marami tayong bagay na magkatulad, Kapatid na Fuller. At kaya kami. . . Nagkikita-kita kami ni Kapatid na Fuller nang maraming taon na, at kilala ko siya bilang isang tunay na totoong lingkod ng Diyos, at minamahal ko siya. At narito ako sa umagang ito para makipagbuklod. Ipagpaumanhin n'yo po na napalampas ko 'yung gabi niya noong ito'y maanunsyo sa lugar dito, pero may bagay po na hindi ko talaga maiwasan. At ako'y nagagalak na makaparito sa umagang ito, na makita ang kanyang iglesya, na mainam, ganoon na lamang na pinasagana sila ng Diyos at pinagpala sila. At—at lahat ng ginawa ng Diyos para sa kanya, tunay na ikinalulugod ko 'yan. Nawa'y patuloy pa siyang pagpalain ng Diyos, at pagpalain ang tabernakulo na ito, at—at ang—ang lupon ng mga katiwala, mga diyakono, at lahat na miyembro ng iglesya. At nawa kayo'y lumago at sumagana sa biyaya ng Panginoon, 'yan ang mapagpakumbaba kong panalangin.

41 Ngayon, bago tayo dumulog sa Salita, dumulog muna tayo sa May-Akda, unang-una. Sige't iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali sa panalangin.

42 Habang nakaupo tayo ngayon nang taimtim sa Presensya ng Diyos, na ang ating mga ulo't mga puso'y nakayuko, may hiling ba sa inyong puso, na bagay na kailangan n'yo, na nais n'yong ibigay sa inyo ng Panginoon, para maalaala ko kayo sa panalangin ko sa umagang ito rito sa simbahan? Maaari n'yo bang ipaalam sa pagtataas ng inyong kamay? Ilagak n'yo lang ito sa inyong isipan, kung ano man ito. Ipagkakaloob ng Panginoon ang bawat isa na inyong kahilingan.

43 Mapagbiyaya na banal na Amang Diyos, na Siyang naglalang ng lahat ng bagay sa pamamagitan ni Cristo Jesus, tungo sa Kanyang kaluwalhatian, kami po'y dumudulog sa Iyong

Presensya sa umagang ito na may pasasalamat sa aming puso. At sa aming pagmamaneho sa ulan, at umiihip ang hangin, pumapatak ang ulan, dalangin namin, Makalangit na Ama, na Iyong ibubuhos sa amin ang ulan ng Langit, ang espirituwal na ulan, ang huling ulan at ang unang ulan, na magkasama, sa aming mga puso ngayon.

44 Dalangin namin, Ama, na Iyong pagpapalain ang iglesyang ito. Kami'y lubos ang pasasalamat para rito, para sa pastor rito, para sa kongregasyon nito, para sa . . . isang dako kung saan ang mga tao'y nagkakatagpo na may bubong sa ibabaw ng kanilang ulo at isang mainam na kumportableng mauupuan.

45 Bumabalik ang aming mga isipan sa kasaysayan ng sinaunang Iglesya, itong sinaunang, apostolikong, katolikong Iglesya, at nakikinita kung papaanong nakaupo lang sila noon sa mga bloke ng bato o anuman na mauupuan nila, para makapakinig sa Salita ng Diyos, at pagkatapos luluhod sa lapag, at 'yun ay malamig at may bato at alikabok, at doon ay itinataas nila ang kanilang mga kamay sa direksyon ng Langit at tinatamasa ang Presensya ng Espiritu Santo. Pinupunan sila ng determinasyon sa buhay nila na anupa't nakakalakad sila papasok sa yungib ng mga leon, na hindi man lang kikibot, bagkus may ngiti sa kanilang mukha, na nakatingin sa Langit, na nalalaman, sa kaunting sandali na lang, sila'y mapapasa-Presensya Niya na Siyang iniibig nila.

46 Oh, pananampalataya ng mga magulang namin, buhay na buhay pa rin, sa kabila ng piitan, apoy at tabak. Iyo pong ipanauli sa amin, Oh Diyos, ang ganoong pananampalataya. Iyo pong ipagkaloob sa amin ang dakilang apostolikong pagpapala na 'yun ng Espiritu Santo.

47 Bawat isa ngayon na ang kanilang mga kamay ay nakataas, Iyong nababatid ang mga pangangailangan nila, Panginoon. Batid Mo po kung ano ang nasa likod ng kamay na 'yun, kung ano ang motibo at layunin na naroon sa puso na 'yun. Ikaw po lamang ang makapupuno ng bawat pangangailangan, Panginoon. At ipinapanalangin ko sila, na di ko man nalalaman ang pangangailangan nila, pero idinudulog ang aking panalangin bilang isang pakiusap para sa kanila. Bilang Iyong lingkod, idinadalangin ko nang may sinseridad ang bawat isa, na, anuman ang hilingin nila, ay kanila nawang matanggap. Iyo pong pagpalain sila, Ama.

48 At ngayon sa pagbasa namin ng Iyong Salita, at sa pagtuturo ng klase na ito ng Sunday school, gaya noon, sa umagang ito, dalangin ko na Iyong kunin ang Mga Salitang ito at balatan ang bawat di-pananampalataya mula sa kanila, Panginoon; na, anumang kapangyarihan ni Satanas na pilit mamumutawi, na hahadlang Dito na lumago. Nawa ito'y dumako sa bawat puso, at doon ay maging mga puno na namumunga ng katuwiran,

Panginoon. Pananampalataya, na ibinubunga ang bagay na Iyong itinalaga na gawin ng Iyong Salita, na sinasabi, "Hindi Ito babalik sa Akin nang walang katuturan, bagkus gagawin Nito ang bagay na nilayon para Rito."

49 Ngayon, Panginoon, pakabanalin Mo ang Iyong lingkod. Ang Iyong Salita'y napaging banal na. At, nang may paglalakip, ay nawa mapakain namin ang kawan na ipinagkaloob sa amin ng Espiritu Santo ang—ang pagtuturo. Aming hinihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen.

50 Ngayon, sa inyo na gustong makibasa kung minsan, na makikisabay sa—sa Mensahe, aking. . .hihilingin ko sa inyo, kung maaari kayong bumuklat sa Aklat. At mayroon lamang akong munting Sunday school na Mensahe, tila ba, sa mga tao sa umagang ito.

51 Naririnig n'yo ba akong maigi, sa palibot, sa buong lugar? Inilapit ko itong mikropono. Medyo paos lang ako. Ako, noong pagkarating na pagkarating ko rito, nagkatrangkaso ako. Sinubukan ng diyablo ang maigting niyang magagawa para di ako makapunta rito. Hindi ko po alam. Naniniwala ako na ang Diyos ay tiyak na magbubuhos ng bagay na dakila sa kumbensyon na ito sa oras na ito, dahil ginawa ni Satanas ang lahat ng magagawa niya para pigilan ako mula rito.

52 Pero ngayon tayo'y babasa mula sa Genesis, sa ika-22 kabanata. At sa inyo na bubuklat ng inyong Biblia, tayo'y magbasa ng bahagi Nito, na sama-sama. Genesis 22, sige't simulan natin sa ika-9 na talata.

> *At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak, at inilagay sa ibabaw ng dambana sa ibabaw ng kahoy.*
>
> *At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay, at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak.*
>
> *At tinawag siya ng anghel ng* PANGINOON *mula sa langit, at* sinasabi, *Abraham, Abraham: at kaniyang sinabi, Narito ako.*
>
> *At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang* iyong *anak, ang iyong bugtong na anak.*
>
> *At itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at nagmalas, at narito ang isang tupang lalake sa dakong likuran niya na huli* sa *dawag sa mga sungay* nito, o *kaniyang mga sungay,* ang ibig kong sabihin: *at pumaroon si Abraham at kinuha ang tupa, at siyang*

> *inihandog* sa . . . *na handog na susunugin na* inihalili *sa kaniyang anak.*
>
> *At pinanganlan ni Abraham ang dakong yaon ng Jehova-jireh: gaya ng kasabihan hanggang sa araw na ito, Sa bundok ng* PANGINOON *ay mahahanda.*
>
> *At tinawag ng anghel ng* PANGINOON *si Abraham nang ikalawa mula sa langit,*
>
> *At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang* PANGINOON, . . . *sapagka't ginawa mo ito, at* hindi mo *itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak:*
>
> *Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong* mga binhi *na gaya ng mga bituin sa . . . langit, at gaya ng* mga buhangin . . . *sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang* kaaway;

53 Nais kong kunin ang huling parirala bilang teksto: *At Kakamtin Ng Iyong Binhi Ang Pintuang-Bayan Ng Kanyang Kaaway.* Isa—isa nga 'yang kahanga-hangang pangako.

54 Ngayon, pamilyar na pamilyar sa atin ang kuwentong ito, marahil nabasa na ito nang paulit, ulit, maraming beses na, tungkol kay Abraham, at kung papaanong tinawag siya ng Diyos palabas sa kanyang bansa, at kung papaanong isa lang siyang ordinaryong tao, walang anumang espesyal sa kanya. Pero tinawag siya ng Diyos at binigyan siya ng pangako.

55 Ngayon, nais kong pansinin n'yo na ang pangako na ipinangako ng Diyos kay Abraham ay di lamang kay Abraham, bagkus ito'y sa kanyang binhi pagkatapos niya. Ngayon, maraming tao ang nagsasabi, "Oh, kung katulad lang sana ako ni Abraham, kung naroon lang sana ako kung saan ay kakausapin ako ng Diyos at—at bibigyan ako ng kasiguraduhan gaya ng ginawa Niya kay Abraham, kung ganoon ay talagang kakamtin ko. Ako—ako nga'y magkakamit mismo ng pananampalataya, Kapatid na Branham, kung naranasan ko 'yun, kung ang Diyos ay makipag-usap sa akin gaya ng ginawa Niya noon kay Abraham." Pero taglay n'yo ang siya ring pangako na tinaglay ni Abraham, 'yun nga'y, kung kayo'y Binhi ni Abraham.

56 Mangyari nga na sasabihin n'yo, "Pero, Kapatid na Branham, isa akong Gentil. Hindi ako maaaring binhi ni Abraham."

57 Ang Binhi ni Abraham ay hindi yaong natural na binhi. Yun ay Espirituwal na Binhi, dahil ang pagtutuli nun ay wala naman 'yun. Ang pangako, anupa't Kanya ngang ibinigay sa kanya bago pa ang pagtutuli. Siyanga't ibinigay 'yun sa kanya bago ang pagtutuli, at hindi 'yun dahil siya'y tinuli at may tipan sa Diyos

sa paraan na 'yun. Siyanga't dahil si Abraham ay nanampalataya sa Diyos.

58 At sinabi ng Kasulatan, na, "Kapag tayo'y patay na kay Cristo, tayo'y magiging Binhi ni Abraham." Ipinapangusap ito ni Pablo, "At ang Judio ay hindi Judio sa labas, kundi Judio sa loob." Kaya naman, kung kayo'y ipinanganak na sa Espiritu ng Diyos, "kayo'y Binhi ni Abraham, at mga tagapagmana kasama ni Abraham ayon sa pangako." Kita n'yo? Kaya naman ang bawat pangako na ibinigay ng Diyos kay Abraham ay sa inyo, dahil sa espirituwal kayo'y Binhi ni Abraham.

59 At kayo'y mas may pagka-Judio kaysa sa kung kayo'y ipinanganak na may Judiong dugo, at pagkatapos—at pagkatapos ay maging isang orthodox na Judio sa iglesya na 'yun, at isang tumatanggi sa mayamang Espiritu Santo na ito at sa Panginoong Jesus Cristo. Kita n'yo? Kayo'y mas Judio pa nga, dahil kayo'y isang Judio na ipinanganak sa isang pangako mula sa Langit, na ibinigay ng Diyos kay Abraham, at tinanggap ito ni Abraham sa pamamagitan ng pananampalataya, at 'yun ang nagpaging kung ano siya. Kung tutuusin, ang isang Judio ay isang paghihiwalay mismo, at pagtatawid, ang Hebreo, at parang ganoon.

60 Ngayon, pero kapag inyong inihiwalay na ang inyong mga sarili mula sa mga bagay ng sanlibutan, nakatatawid na roon sa hangganang-linya ng paghihiwalay, at naglalakbay na sa isang dayuhang lupain, na para bang isang lupain na wala ka roon, sa simula, kasama ang mga tao na hindi n'yo kailanman kinauugnay sa pasimula, kung ganoon kayo'y naging isang espirituwal na Judio na. Dahil, sa siya ring paraan na si Abraham, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay iniwan ang kanyang bansa, iniwan ang kanyang mga kababayan, nagtungo sa isang dayuhang lupain kasama ang mga dayuhang tao. Iniwan n'yo ang inyong mga kamag-anak, iniwan ang sanlibutan, iniwan ang mga kasama n'yo, tumawid, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, at naging mga manlalakbay, na hinahanap ang isang Siyudad na ang Nagtayo at Gumawa ay ang Diyos, katulad noon kay Abraham. Mga manlalakbay, na kasama Siya, nakatira sa mga tolda, mga kaiglesyahan, kapwa mamamayan sa Kaharian ng Langit, mga tagapagmana ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Tayo'y tumawid na mismo, humiwalay.

61 Ngayon, si Abraham, ang pangako ay ipinangako kay Abraham at sa kanyang Binhi pagkatapos niya. Ngayon, ibinigay ng Diyos ang pangakong ito kay Abraham, ukol sa kanyang Binhi, na kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway matapos na Kanyang subukin si Abraham, subukan si Abraham. Ngayon, matapos na dumating ang pagsubok, pagkatapos . . .

62 Si Abraham ay pinagbagong-loob na noon, gaya ng tawag natin dito, mula paganismo patungo sa Diyos. At pagkatapos ibinigay sa kanya ng Diyos, bilang isang tanda ng Espiritu Santo, ang pagtutuli. Pagkatapos, matapos ang pagtutuli, ay dumating ang panahon ng pagsubok.

63 Isang mainam na tipo mismo ng Iglesya, na, pagkatapos nating maligtas, pagkatapos nga'y ipinagkaloob sa atin ang tanda ng pangakong pagtutuli, na hindi sa laman, kundi sa Espiritu. At ang Espiritu Santo ang ating pagtutuli. Ito'y ang matalas na sundang ng Diyos. Inihihiwalay at pinuputol nito ang sobrang laman, na ukol sa sanlibutan, mula sa atin. Ang Salita ng Diyos, mas matalas pa kaysa sa tabak na may dalawang talim! Kaya, nakita n'yo, bumabalik dun mismo uli. Ang Salita ng Diyos ang bagay na ginagamit ng Espiritu Santo; hindi mga kredo, hindi mga denominasyon. Bagkus ang Salita ang humihiwalay sa atin mula sa mga bagay ng sanlibutan. Puputulin para alisin ang ating mga hinuha at mga bagay-bagay, at buong-buong ilalaan tayo sa Diyos.

64 Sinabi ni Jesus, "Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo." Kung ganoon kayo nga. Haya't, di na inyong salita. Ito'y Kanyang Salita na. Pagkatapos, makikita n'yo, "Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo, maaari n'yong hingin ang anumang inyong ibig." Uh-huh. Kita n'yo? Ang bagay na 'yun, hindi na kayo ang nagsasalita sa sarili n'yong pananalita. Kayo'y nagsasalita na sa Kanyang Salita.

65 Kaya naman ang Espiritu Santo ang Isa na ito na dinadala ang Salita ng Diyos at inihihiwalay tayo mula sa mga bagay ng sanlibutan, kita n'yo, pagtutuli, pagpuputol. Pagkatapos kayo'y susuong sa panahon ng pagsubok.

66 Ngayon, si Abraham, matapos na siya'y tawagin palabas, sa lupain ng mga Caldeo, sa siyudad ng Ur, siya'y naging isang manlalakbay, isang naglalakbay. At pagkatapos tinawag siya ng Diyos, matapos na siya'y mapatunayan na siya'y magpapatuloy at manghahawakan sa Diyos sa Kanyang Salita. Pagkatapos, ang ginawa ng Diyos noon, ay ibinigay sa kanya ang isang tanda, na Kanyang tinanggap siya, at Kanyang tinuli siya. At tinuli rin ni Abraham si Ismael at lahat ng kanyang sambahayan.

67 At ngayon kita n'yo, kapag—kapag kayo'y tinawag palabas, unang-una dadaan kayo sa isang pagsubok, para makita kung kayo'y magpapatuloy mismo. At pagkatapos ibibigay sa inyo ng Diyos ang Espiritu Santo, na tanda na Kanyang tinanggap ang inyong pananampaltaya na inyong sinasabi na mayroon kayo sa Kanya. Nasusundan n'yo ba ako ngayon? Kanyang tatanggapin ito.

68 Ngayon, kausap ko ang . . . Marahil may ilang kalugud-lugod na mga Baptist na kapatid na nakaupo rito. At alam ng lahat

na nanggaling ako sa isang iglesyang Baptist. Kausap ko ang kapatid kong Baptist. At ang sabi niya sa akin, "Kapatid na Branham?" Siya'y isang Doktor ng Dibinidad, isang mainam na lalaki, tunay na Cristiano. Ang sabi niya, "Pero, Kapatid na Branham, saan mo nakuha na ang bautismo ng Espiritu Santo ay iba sa pananampalataya kay Cristo Jesus?"

Sabi ko, "Iba ito, kalugud-lugod kong kapatid."

69 Sabi niya, "Sa palagay mo hindi ba't kapag natanggap mo si Cristo, natanggap mo ang Espiritu Santo?"

70 Sabi ko, "Tama. Pero," sabi ko, "kita mo, inaangkin mo lang na natanggap mo si Cristo, hanggang sa kilalanin Niya ito."

71 Sabi niya, "Kapatid na Branham, nanampalataya si Abraham sa Diyos, at ito'y ibinilang naman sa kanya na katuwiran."

72 Sabi ko, "Oo. Pero binigyan siya ng Diyos ng isang tanda, na Kanyang tinanggap na ang kanyang pananampalataya, noong ibigay Niya sa kanya ang tanda ng pagtutuli, na Kanyang kinilala ang kanyang pananampalataya." Amen.

73 Ngayon, kapag tinanggap natin si Cristo bilang ating Tagapagligtas, pagkatapos, kung tayo'y sinsero roon, pagkatapos nga'y bibigyan tayo ng Diyos ng isang tanda, na Kanyang tinanggap ang ating pananampalataya kay Cristo, sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng tanda ng pagtutuli, na 'yung Espiritu Santo. Yun ang tanda ng pagtutuli. "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na dito'y natatakan kayo hanggang sa Araw ng inyong Pagkatubos." hindi hanggang sa susunod na pagtitipon lang; kundi hanggang sa Araw ng inyong Pagkatubos. Tama 'yun, Mga Taga-Efeso 4:30. Ngayon, sa ganoong paraan n'yo matatanggap ang Espiritu Santo.

74 Ngayon, kung sasabihin n'yo, "Oh, isa akong mananampalataya," at hindi pa kayo kailanman nabibigyan ng Diyos ng Espiritu Santo, hindi pa Niya ito kinikilala. Inaangkin n'yo lang na kayo'y nananampalataya. Pero kapag ang lahat ng pagdududa. . .Hindi ko po sinasabi na kayo'y hindi isang mananampalataya. Sa isang bahagi, kayo'y mananampalataya.

75 Pero kapag nasumpungan ng Diyos na katanggap-tanggap, na nakasumpong kayo ng pagkatanggap sa Kanya, ang ibig kong sabihin, at Kanyang kinikilala kayo bilang Kanyang anak, at batid Niya ang inyong puso, at nakikita Niya ang katapatan mo, na nalalaman Niya na ang lahat ng mga bagay ay pinutol na palayo mula sa inyo. Pagkatapos nga'y tatatakan Niya kayo tungo sa Kaharian ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pinatutunayan sa sanlibutan na Kanyang tinanggap na ang pananampalataya na inyong ipinapahayag sa mayroon kayo sa kanya. Naiintindihan n'yo na ba?

76 Ngayon, agad-agad pagkatapos nun, papasok ang pagtutukso. "Bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangan munang masubok, subukan."

77 Si Jesus, noong pagkatanggap na pagkatanggap Niya ng kapuspusan ng Espiritu, doon sa ilog, noong bautismuhan Siya ni Juan, agad-agad nakipagtuos sa Kanya ang diyablo sa ilang, para dumaan sa panahon ng pagtutukso. Pero noong Kanyang panghawakan ang Salita ng Diyos at pagtagumpayan ang diyablo, "Nasusulat. Nasusulat," lumabas Siya mula roon na handa na sa Kanyang pagmiministeryo.

78 At ganoong paraan ang ginawa ng Diyos kay Abraham. Ngayon, ang Diyos, matapos na tawagin siya palabas ng lupain, at kanyang inihiwalay ang kanyang sarili sa kanyang lupain, sa kanyang mga kababayan, at pagkatapos ay binigyan siya ng Diyos ng tanda ng pagtutuli, pagkatapos ipinagkaloob sa kanya ang anak. Pagkatapos dumako siya sa panghuling pagsubok, doon sa panahon na kinailangan niyang ihandog ang kanyang sariling anak na si Isaac bilang isang handog. Tapos ang sabi ng Diyos, "Yamang nakikita Ko na hindi mo ipinagkait ang nag-iisa mong anak, ay nalalaman Ko na iyong iniibig Ako." Kanyang ibinigay sa kanya ang pagsubok na 'yun.

79 Agad-agad pagkatapos nun, ang pakikipagbaka nga'y napagtagumpayan, ang sabi Niya, "At ang iyong Binhi'y kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Amen. Gustung-gusto ko 'yun. "Kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Dadako tayo sa panghuling punto na 'yan maya-maya, loobin ng Panginoon. Ngayon nasumpungan Niya ito, na tapat si Abraham. Matapos na masumpungan Niya si Abraham na tapat, pagkatapos ay ibinigay Niya sa kanya ang pangako ng pagkakamit sa pintuang-bayan ng kaaway.

80 Ngayon diyan, maraming beses mismo, diyan marami sa atin na mga Pentecostal ang nagkakamali, at iniisip, "Buweno, ang Espiritu Santo'y ibinuhos na sa akin. Luwalhati sa Diyos! Yun na ang lahat na kinakailangan kong kamtin." Hindi, po. Nagpapaumpisa ka pa lang nun. Ikaw, hindi pa. Ito'y pagsubok pa lang at pagsubok sa iyo.

81 Gaya ng nasumpungan natin sa—sa, doon sa—sa—sa Lumang Tipan; pinadadaan sa pagsubok, sinusubok, at pagkatapos ipupuwesto ang isang anak. Pagkukupkop, pagpupuwesto ng anak matapos na siya'y isang anak na, naipanganak na sa loob ng pamilya. Isa siyang anak, pagkatapos siya'y susubukin at susubukan, at tuturuan ng mga tagapagturo habang lumalaki, at titingnan kung anong magiging resulta niya. At pagkatapos siya'y ilalagay sa pagkakaposisyon nang pantay, halos, sa kanyang tatay.

82 Ngayon ganyan din sa panahon ngayon. Nagkaroon na tayo ng halos apatnapung taon ng pagsusubok ng Pentecostes, o

higit pa, kita n'yo, sinusubok ang iglesya, tinitingnan kung sila ba'y maninindigan, o hindi. Gayong nakikita ko ang inyong. . . At, kita n'yo, diyan ko nga ito nakikita muli. Sa halip na manghawakan sa krus at sa Salita, at magpapatuloy, gumaya na tayo sa mga uso ng sanlibutan, lumilihis sa ganitong *daan*, o lumilihis sa ganitong isa pang *daan*, o gumaya sa *ganito*.

83 Gaya ng lagi kong puspusan na pangungusap laban sa mga tao sa modernong kalakaran na ito sa panahon ngayon, na ang mga kababaihan ay nagpapagupit ng kanilang buhok, at—at ang mga kalalakihan ay kung anu-ano ang ginagawa at lahat na, at sadyang nananamit ng imoral na pananamit at ganoong mga bagay. Napakarami kong natatanggap na puna sa bagay na 'yan. Pero ano ito? Sinisikap ko lamang na iligtas ang iglesya na 'yun. Pagsisikap ito na dalhin sila *rito*, sa Salita ng Diyos, kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng ibang sanlibutan tungkol Dito. Manatili kayo sa Salita ng Diyos. Amen. Kita n'yo? Kita n'yo?

84 Ang nangyayari nga rito, gaya ng sinasabi ko kagabi, ang hinihintay ng mga Pentecostal ay isang humahagibis na malakas na hangin, pero bigo sila na pakinggan ang marahang bulong na Tinig. Kita n'yo? Na, maling gawin ang mga bagay na 'yun. Iniisip nila, "Basta't humahagibis ang hangin, ayos lang."

85 Pero hindi nun naakit ang atensyon ng propeta. Hindi nainggli ng humahagibis na hangin ang propetang si Elias doon sa kuweba. Yung malalakas na mga kulog at mga pagkidlat, at pagbuhos, haya't di nun natawag ang kanyang pansin, ano't anuman. Pero ang bagay na nagpagitla sa kanya ay 'yung marahang bulong na tinig, na bagay na nangungusap sa kaibuturan. "Ang Salita Ko ay Katotohanan. Ang bawat salita ng tao'y kasinungalingan, at ang Akin ang totoo." Yun ang umakit sa propeta. Kita n'yo?

86 At ganoon pa rin ito. Ang Salita ng Diyos sa tuwina'y umaakit sa espirituwal na kaisipan na 'yun, dahil 'yun ang kaisipan ni Cristo na nasa inyo, na nalalaman na ang Salita na 'yun ay totoo.

87 At dumadaan kayo sa panahon ng pagsubok. Ang iglesya'y dumadaan sa panahon ng pagsubok. Bawat indibiduwal ay dumadaan sa isang panahon ng pagsubok bago nito makamit ang pintuang-bayan ng kaaway. Si Abraham ay dumaan dun. Si Cristo ay dumaan dun. Matapos na si Cristo'y mapuspos ng Espiritu Santo, doon sa ilog Jordan, dumaan Siya sa isang panahon ng pagsubok. Matapos na tawagin palabas si Abraham, inilagay sa lupain niya kung saan siya'y magiging isang manlalakbay, pagkatapos ibinigay ang pagtutuli, at kinatagpo siya ng Diyos, sa panahon at panahon, pero kinailangan niyang dumaan sa panahon ng pagsubok. Bawat binhi ni Abraham ay ganoon, si Abraham at ang kanyang Binhi.

88 Isang organisasyon, isang iglesya, ’yan ang dahilan kung bakit nasusumpungan natin ang ating mga organisasyon na bumabagsak sa tabing daan, ay dahil sa pagdating ng pagsubok. Anong pagsubok? Salita ng Diyos. Hayan ang pagsubok. Ang Salita ng Diyos ay ang pagsubok. Gagawin ba natin ang sinasabi ng isang grupo ng kalalakihan, o gagawin natin ang sinasabi ng Diyos na gawin? Yan ang pagkakaiba.

89 Hayan ito na dumarating, noong mga panahon ni Dwight Moody, mga panahon nina Finney, Sankey, Knox, Calvin, Spurgeon, lahat ng iba pa sa kanila, ang mga espirituwal na kalalakihan na ’yun, sumunod ang mga organisasyon pagkatapos nila. Nagkaroon sila ng grupo ng mga kalalakihan noon na nagpasok ng sarili nilang mga pamamaraan roon, bawat isa’y naniniwala sa *ganito* at *ganoon*, at idinadagdag ang kaunti *rito*, at inaalis ang kaunti *roon*, at idinadagdag ang kaunti *rito*, hanggang sa gumawa na sila ng isang organisasyon mula rito.

90 At kapag ’yan ang ginagawa nila, ang tunay na totoong mananampalataya, dumarating ang Diyos at gumagamit ng isang munting, mapagpakumbabang tao, na babasagin ang bagay na ’yun. Tama. Ganoon sa tuwina ang nangyayari. Ang Diyos ay hindi nagbabago. Talagang binabasag ang bagay na ’yun, ng isang espirituwal-ang-kaisipan na mga tao na mananatili mismo sa Salita na ’yun.

91 Hayaan n’yong sabihin ko sa inyo. May natanggap akong liham sa bahay, mula sa isa sa pinaka mainam na iglesya, sa malaking organisasyon ng Pentecostal na kilusan. Ang abang hapis-ang-puso na babaing ’yun ay sumulat sa akin ng liham. At ang sabi niya, “Kapatid na Branham, mahaba ang buhok ko at pinusod ko ’yun sa likod ng aking ulo.” Sabi niya, “At ang. . .Nagustuhan ’yun ng asawa ko.” Tapos sabi niya, “Lumipat kami mula sa siyudad kung saan may simbahan kami na tunay na espirituwal, papunta rito sa malaking simbahan, ang unang simbahan ng siyudad.” Tapos sabi, “Noong pumasok kami roon, lahat ng mga kapatirang babae na Pentecostal ay putol ang kanilang buhok.” Tapos sabi, “Sila pa ang pumipintas sa akin tungkol dun. Sabi ko, ‘Hindi, hindi. Naniniwala ako na sinasabi ng Biblia na huwag nating gawin ’yun; kahiya-hiya na gawin ’yun.’” At kaya ang sabi lang niya, “At patuloy silang. . .Pinagtawanan nila siya, na sinasabi, ‘Uy, ang iyong—iyong gulong ay umiimpis na sa likod mo, ’yang reserba mo,’ at lahat na gaya nun. At dinamay maging ang aking asawa, na dahil dun, ang asawa ko’y pinipilit na ako na ipaputol ang aking buhok.” At sabi, “Kinokondena ako, mula pa.”

92 Isipin n’yo, isang iglesyang Pentecostal na dapat ay naninindigan sa Salita ng Diyos! Diyan kayo dinadala ng organisasyon n’yo. Siyanga. Bigo sila na pakinggan ang marahang bulong na Tinig ng Salita, na tinatawag sila patungo sa katotohanan. Lahat sila’y ang pinakikinggan ay

ang humahagibis na malakas na mga hangin, at maraming pagsisigawan at pagsasayawan, na sinasabi nilang nagkamit daw sila ng kapangyarihan. Ayos lang 'yan. Naniniwala rin ako diyan, siyanga. Pero, kapatid, kapag nagagawa n'yong sumayaw at sumigaw, at pagkatapos ay tatalikod at tatanggihan ang Salita ng Diyos, at mamumuhay na gaya ng sanlibutan, may mali sa kung saan. Siyanga.

93 Ang Espiritu ng Diyos ay bumababa, ang marahang bulong na Tinig na 'yun, na ginagabayan kayo mismo nang diretso sa Kalbaryo, kung saan tayo'y patay, at ang ating buhay ay natatago sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at natatakan na ng Espiritu Santo. Kung ganoon, ang Salitang 'yun na lamang ang nananahan diyan. "Kung ganoon kung kayo'y nananatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo, hilingin ninyo ang inyong nais at ito'y ipagkakaloob sa inyo." Hayan ang pagkakaiba.

94 Umaasa ako na hindi panatiko ang dating ko sa inyo. Kung ganoon man, ako'y—ako'y—ako'y walang kabatiran dito. Ako'y—ako'y naniniwala na ang Salita ng Diyos ay Katotohanan, at Ito'y kinakailangan na manatili mismo rito. At kung Ito'y nananatili rito, ipakikita Nito ang Sarili nito sa labas. Nararapat lang mismo! Ang inyong buhay, ang buong bumubuo sa iyo, ay magiging iba.

95 Kaya noong ibigay ng Diyos kay Abraham ang pagsubok, nalampasan niya 'yun, nang sandaang porsiyento. At ibinubunsod. . .

96 Hindi maaaring bigyan ng Diyos ang isang organisasyon ng isang pagsubok, dahil ito'y labo-labo na mismo. Ang Diyos ay hindi nakikipag-ugnay sa ganoong paraan sa organisasyon. Hindi Siya nakikipag-ugnay sa mga bansa sa lahing Gentil. "Kumuha Siya ng mga tao palabas mula sa mga Gentil." Ang Israel, kinuha Niya na isang bansa. Pero, sa Gentil, "Kumuha Siya ng mga tao palabas mula sa mga Gentil para sa Kanyang Pangalan." Kaya, kita n'yo, hindi ito isang organ-. . .Hindi ito isang organisasyon. Ito'y indibiduwal na Kanyang kinukuha mula sa Gentil.

97 At kapag dumating ang pagsubok, nakikita n'yo ba kung ano ang nangyayari? Tayo'y lumabas mismo para sa pag-aaring ganap. Tinanggap mismo natin ang bautismo ng Espiritu Santo sa pentecostal na kilusan. Pero pagdating na sa panahon ng pagsubok, ay kumukuha tayo ng pulidong mga iskolar, nagnanais na maging gaya ng mundo, gaya noong panahon ng kilusan ni Wesley at ng lahat ng iba pa. Nagsipag-eskuwela sila. Sila'y—sila'y nag-aral ng siyensiya. At pinag-aralan nila itong lahat na iba't ibang uri ng mga bagay na kalakip ng edukasyon. At sinisikap nilang mag-aral ng sikolohiya. "Sadyang ang pinaka mainam na bagay lang, huwag n'yong sabihin ang *ganito*. Ipagawa n'yo sa kanila ang *ganito* at *ganoon*.

Dahil ito'y. . . " Kita n'yo, kayo'y nagkakamal at nagtatayo. Ang inyong—inyong—inyong layunin ay mali. Mali ang inyong motibo. Nagtatayo kayo tungo sa isang organisasyon sa halip na nagtatayo tungo sa Kalbaryo. Paano kayo makakapagtayo tungo sa Kalbaryo, nang hindi dumadaan sa daan ng Salita?

98 "Sapagkat tayo'y nahuhugasan sa pamamagitan ng tubig ng Salita." "Kung kayo'y mananatili sa Akin at ang Aking Salita sa inyo, kung ganoon ay hingin n'yo ang anumang nais n'yo."

99 Diyan natin makikita ang pagkagapi ng Pentecostal na kilusan, dahil sila'y lumayo mula sa Salita. May sasabihin na isang bagay ang Salita; pagkatapos sinusubukan nilang ipilit ang organisasyon na 'yun na maisingit dun kung saan. At pagkatapos lalakad sila palayo mula sa Salita na 'yun, at kukuni't ipagpapatuloy na 'yun na kalakip ang organisasyon. At nakikita n'yo ba kung saan 'yun napadpad? Naging halos kagaya na ng iba pang mga kaiglesyahan. Pero haya't nagsasayaw tayo at sumisigaw, at nagsasalita sa iba't ibang wika, at tumatalon-talon, ang mga 'yan ay ayos lang naman. Ang organisasyon nila'y ayos lang naman. Umaasa ako na napaging malinaw ko ang sarili ko. Pero ang pinaka punto ko rito, ay 'yung marahang bulong na Tinig ng Salita ay nagsasalita mismo. Yun po.

100 Dumadaan kayo sa isang pagsubok. Susubukin kayo ng Diyos gaya ng ginawa Niya kay Abraham. Kanyang sinusubok ang Binhi ni Abraham, na mga sumunod sa kanya. At ngayon, ang dahilan kung bakit di natin nakakamit ang pintuang-bayan ng kaaway, ang dahilan kaya napakarami sa kalagitnaan natin, ay dahil di natin kayang tumindig sa pagsubok. At hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, ang pagsubok ng Salita ay tama.

101 Ang dahilan kung bakit wala tayo, at kailanman ay di na magkakaroon. . .sa organisasyon. Sa palagay ko may mainam na organisasyon ang Pentecostal. Ilan mismo sa pinaka maiinam na kalalakihan na aking. . .narito. . .nabubuhay sa ibabaw ng mundo, ay kasapi sa mga—mga organisasyon na ito.

102 Ang Assemblies of God, may mga kaibigan ako roon. Grabe! Ang isang kapatid doon sa Indiana, ako'y magkakaroon, magdadaos ng isang pagtitipon, sa palagay ko, agad, siyanga't agad-agad. Si Kapatid na Roy Weed, siya'y isang pandistritong tagapamahala sa estado ng Indiana. Na naniniwala akong isang maka-Diyos na lalaki. Gayong, isa siyang pandistritong tagapamahala sa Assemblies of God.

103 Foursquare, oh, grabe, marami-rami! Sina Ralph McPherson at marami sa kanila na mga kapatirang lalaki, na mga maka-Diyos na kalalakihan, walang maisusumbat sa kanilang buhay. Sila'y mabubuting kalalakihan.

104 Doon naman sa mga Oneness, kung ano 'yung tawag nila sa sarili nila, Oneness. O, ngayon, sa palagay ko hindi. . .

Tinatawag nila itong iglesya ng Jesus Name. Si Jack Moore, kung babanggitin natin ang isa sa. . . Daan-daan sila, na maiinam na kalalakihan, mabubuting kalalakihan, maka-Diyos na kalalakihan.

105 Pero ang problema lang, kapatid, ay ganito, ay kapag manghahawakan ka na riyan sa organisasyon. Kita n'yo? Babalingan ng Diyos ang mga organisasyon na 'yan, at—at ang bawat isa sa kanila'y bumagsak. Tingnan n'yo sila, gumagapang na papasok ang pagka-makasanlibutan. Tingnan n'yo ang kanilang mga kababaihan. Tingnan n'yo ang kanilang mga kalalakihan. Tingnan n'yo ang kanilang mga kalagayan. Maituturo ko sa inyo, mga taga-Assemblies of God na may mga diyakono sa kanilang lupon, na dalawa o tatlong beses na ikinasal, hinahayaan lang ng mga mangangaral. Yung mga kababaihan ay putol ang kanilang buhok, nagsusuot ng shorts, ng meykap, at nag-aangkin pa rin na taglay ang Espiritu Santo, base raw sa ebidensya ng nagsasalita sila ng iba't ibang wika, o nagtatalon-talon, o nagsisisigaw.

106 Binigo nila ang marahang bulong na Tinig ng Salita. Ang Salita na 'yun ang nagpapanatili sa inyo na nakabalanse sa krus. Doon 'yun nakahimlay. Yan ang dahilan kung bakit wala tayong tunay na mga propeta sa iglesya ngayon, tulad ni Agabo.

107 Yan ang dahilan, ang iglesya sa panahon ngayon, halos di na nila—di na nila ginagalang ang pagsasalita ng iba't ibang wika kapag may nagsasalita nito, dahil nakakapakinig sila ng napakaraming peke't kung anu-anong ginagawa, hanggang sa di na nila mapagkilala kung ano ang tama at mali rito.

108 Mga interpretasyon na mga ilusyon lamang, may kung sino na magsasabi lang ng bagay-bagay dahil pakiramdam nila'y may pangunguna sa kanila na gawin 'yun. Hindi 'yan interpretasyon. Ang interpretasyon; hindi 'yung may tao na tatayo at magsasalita sa iba't ibang wika, tapos may isa na tatayo matapos ang ilang minuto at bibigyang-interpretasyon ang sinabi nung tao. Kapag ang isa'y magsasalita, ang isa naman ay magbibigay ng interpretasyon doon, na sasabihin 'yun nang salita-sa-salita, sa parehong paraan ng pananalita, pareho lahat. Ang taong *ito* ay marahil nagpropropesiya, pero hindi ito 'yung interpretasyon. Yung iba sa kanila, *itong* uri ng tinig na naglalahad ng isang bagay, *ito* namang isa rito'y iba ang inilalahad. At may ilan na sampung salita ang sinasabi, 'yung isa naman ay limampung salita ang nasa likod nun, bilang isang interpretasyon.

109 Ang ibig sabihin ng *interpretasyon* ay "sabihin, nang salita-sa-salita." Kung ito'y isang Salita ng Diyos, kinakailangan nitong mabunsod na, salita sa salita; talata sa talata, talata sa talata. Sa ganoong paraan kinakailangan mismo na ang Salita'y mabunsod.

110 Pero ano ang nakikita natin? Napakaraming pamemeke! At ginawa nila 'yan, nang sa gayon, sa halip na manatili sa Salita, ibinaba nila 'yun dun. At sa punto mismo na ginawa 'yan ng isang tao, tinawag nila siya na isang Pentecostal. At alam n'yo na kung anong nangyari.

111 Pagkatapos dumating ang pagsubok, ang oras ng pagsubok, kung ganoon magsisimula na ang Binhi, na ipinapakita kung alin ang Binhi at kung alin ang hindi. Ngayon, kahit na ano pa ang nangyari, si Abraham ay nanatili sa Salita, sa pangako.

112 Pero ngayon di 'yan magawa ng organisasyon. At may ilan sa inyo na kalugud-lugod na mga kapatid na kasapi sa mga organisasyon na 'yan, kayo'y di sumang-ayon sa kanila minsan, alam n'yo na kung saan kayo mapapadpad. Ilan sa inyo?

113 Hindi ko sinasabi, sa loob ng gusaling ito ngayon, pero ilan ba ang nakabisita na roon sa silid ko, ilan ba ang nakasama na ako, na nagsasabi, "Kapatid na Branham, alam naman namin na 'yan ang Katotohanan. Pero kung kami'y sipain dito, anong gagawin namin?"

114 Kapatid, anong gagawin natin? Manghawakan kayo sa Kalbaryo, manghawakan kayo sa pangako, manghawakan kayo sa krus, ano't anuman.

115 At doon, mayroon silang pinaka maiinam na kalalakihan. Kita n'yo? Pero ang sinisikap kong gawin, ay ang sabihin, na babagsak at babagsak 'yun. Lagi 'yung bumabagsak at laging babagsak. Pero heto, kung kayo man ay bumagsak o hindi, sa Diyos, mamalagi kayo sa Salita ng Diyos at sa Kanyang pangako, unang-una. Kayo'y susubukin sa pamamagitan Nito.

116 Pipirma kayo ng mga papeles, na gagawin n'yo 'yung *ganito* o gagawin 'yung *ganoon*. Maski laban 'yun sa Salita, pipirmahan n'yo pa rin. Ganoon nga. Sa puso n'yo, alam n'yo na mali ito. Yun ang marahang bulong na Tinig na nagsasalita, ang Salita na 'yun. Hindi nakapagtataka na di tayo makausad, dahil sa bagay na nangyari. Inihiwalay n'yo ang inyong sarili sa marahang bulong na Tinig. Bigla na lang kayong tumakbo palabas. Tinatawag kayo ng Diyos, pero bigla na lang kayong tumakbo, dahil umugong ang mga kulog, kumislap ang mga kidlat, yumanig ang bundok.

117 Hindi nainggli si Elias, ang propeta na 'yun. Ang nais niya ay 'yung Tinig na 'yun, unang-una. Ang sabi niya, "Mananatili ako rito."

118 Kaya marami sa panahon ngayon, nagpapasimula, ng mga gawain ng pagpapagaling, karnal na panggagaya, lahat na ng uri ng bagay, at mga sensasyon na hindi naman kailanman lumitaw sa Salita ng Diyos. Ganoon nga. Ano 'yun? Kailangan nating awitin ang awitin na 'yun, "Sila na naghihintay sa Panginoon. Ako'y mabunsod nawa na pagmamalaki'y maibaba at manawagan sa Iyong Pangalan. Ako'y mabunsod na

maghintay, Panginoon, hanggang sa marinig ko ang marahang bulong na Tinig." At ang Tinig na 'yun ay magiging nakabatay-sa-Salitang Tinig. Ito'y mangungusap mismo nang eksakto sa Salita. Amen. Buweno.

119 Nasumpungan natin, si Abraham matapos na siya'y mailagay, tawagin palabas, ihiwalay sa mga mahal niya sa buhay, mula sa kanyang pamilya, mula sa kanyang tahanan, mula sa kamag-anak niya, patungo sa isang dayuhang lupain. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay ginawa niya 'yun. Pagkatapos, dahil sa ginawa niya 'yun, ibinigay sa kanya ng Diyos ang pagtutuli, para patunay na siya'y anak ng Diyos, na siya'y nananampalataya sa Kanya dahil nananampalataya siya sa pangako. Gayong, hindi niya, hindi man niya nakita ito sa natural, pero kanyang sinasabi mismo, "anumang laban sa Salita ng Diyos ay isang kasinungalingan." Kahit na gaano pang karaming ebidensya ang palitawin, ito pa rin ay isang kasinungalingan.

120 Ayaw ko sanang sabihin ito, pero kailangan. Tingnan n'yo. At kung titingnan n'yo ang kababaihan, ihahalimbawa ko lang ito dahil isang bagay ito na nakikita, maaaring makita, na nag-aangkin na taglay raw nila ang Espiritu Santo, at wala sa sapat na kaayusan na—na hayaan ang kanilang buhok na humaba, may kung anong bagay na mali kung saan. Ang isang babae na magsusuot pa rin ng kasuotan na para sa lalaki, at isusuot 'yun, samantalang sinasabi ng Biblia, "Karumal-dumal sa—sa Diyos, para sa isang babae na magsuot ng kasuotan na para sa lalaki." At pagkatapos inaangkin n'yo na taglay n'yo ang Espiritu Santo at ginagawa n'yo ang ganoon?

121 Nangusap ako patungkol diyan nung isang araw sa Oregon. May isang babae na sumulat sa akin ng isang matinding liham. Sabi niya, "Kapatid na Branham, kahanga-hanga ang iyong pagmiministeryo, pero pihadong nasisira mo ito." Sabi niya, "Ngayon, paano naman . . . " Sabi, "Nagsusuot ako ng overall sa tuwina." Sabi, "Paano naman 'yung pagpunta sa hardin para mamitas ng kung ano—kung ano dun sa hardin, at nakasuot ng bestida. Hindi mo ba naisip na mas mainam kung ang suot ay overall kaysa dun, o pantalong dungaree, kung ano man 'yun, kaysa sa ang suot ay bestida?" Tapos sabi, "Tingnan mo, nangangabayo ako papunta sa kabundukan kasama ang mga kalalakihan kapag nagtutungo sila roon sa itaas para magkawan ng mga baka, at," sabi, "Sumusuong ako sa lugar na pinamumugaran ng lamok." Sabi, "Ngayon, kung—kung bestida ang suot, papapakin ako ng mga lamok. Kapag overall ang suot ko ay hindi ako magagambala."

122 Sabi ko, "Mas malabnaw pa 'yan sa sabaw na gawa sa anino ng manok na ginutom hanggang sa mamatay. Kahabagan! Wala ni isa mang Salita ng Diyos diyan. Sariling opinyon mo 'yan."

123 Sinabi ng Diyos, "Hayaang ang bawat salita'y kasinungalingan, at ang Kanya ang totoo." Ang maybahay ko ay nagsusuot ng bestida. Siya'y namimitas sa hardin. Wala siyang anumang kaaligagahan tungkol dun. At, kung tutuusin, hindi trabaho ng isang babae na sumama sa grupo ng kalalakihan sa dako roon, na nagkakawan ng mga baka, ano't anuman. Kinakailangan na nasa kusina siya kung saan siya nararapat. Ganoon nga.

124 Sinusubukan nilang humanap ng palusot, pero wala. Tahasan ang Salita ng Diyos, at ang isang babaing ipinanganak sa Espiritu ng Diyos ay tumatalima. At ang isang lalaki na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos ay hindi pababayaan ang kanyang asawang babae na umakto nang katulad nun. Ano ang sinasabi Niya? "Ang babae na kukuni't, puputulan ang kanyang buhok, ay kasiraang-puri sa kanyang ulo." At ang asawa niyang lalaki ang kanyang ulo. Ang babae'y kasiraang-puri.

125 Maiging tumikom na ako. Buweno. Ngayon, kita n'yo, kita n'yo, sapat na ito. Alam n'yo na ang tungkol sa ipinapangusap ko.

126 Hindi ko po sinasabi 'yan nang may masamang hangad. Kung sinasabi ko 'yan nang may masamang hangad, kahabagan ng Diyos ang makasalanan kong puso; ako'y ibunsod na lumuhod dito sa may altar, magsisi.

127 Sinasabi ko ito, mga kaibigan, iniibig ko kayo. At sinisikap kong ipangusap sa inyo ang katotohanan, at 'yun ang Salita ng Diyos. Kinakailangan nating pakinggan ang marahang Tinig ng Diyos, para maging angkop sa Salita. Tayo'y dumadaan sa panahon ng pagsubok. Hallelujah!

128 Napagtatanto n'yo ba 'yun na matapos na dumating ang panahon ng pagsubok, ang pagtuturo na 'yun sa anak na 'yun na ipinanganak sa isang maka-denominasyong pamilya? Kung mapanindigan niya ang pagsubok at makapanatili sa mithi ng ama, kung ganoon ang binatang 'yun ay dadalhin at susuotan siya ng kasuotan, at pagkatapos magkakaroon ng isang seremonya ng pagproproklama. At ang binata na 'yun ay ipupuwesto sa pamilya kung saan siya ipinanganak.

129 Yan ang suliranin sa mga Pentecostal natin ngayon. Sila'y palundag-lundag *dito* at *doon*, at hihilahin sila ng ating mga organisasyon sa gawi *rito* at gawi *roon*. Hindi sila makapanatili sa Salita.

130 Kung mananatili kayo sa Salita, kung ganoon ang Diyos, sa pagkakita, "Kung kayo'y nananatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo," Kanya't, hindi Niya Ito tatanggihan. Salita Niya Ito. Kung ganoon darating ang panahon, sa isang panahon, na kayo'y kukunin at ibubukod, at pagkakalooban ng isang bagay na tunay, hallelujah, kapangyarihan na galing sa Diyos na Pinaka Makapangyarihan sa lahat.

131 Haya't, hinihintay ng Diyos ang Kanyang mga anak, pero ayaw nilang luminya, kapag dumako na sila sa panahon na 'yun ng pagsubok. Tatanggapin n'yo ba ito? "Buweno, ititiwalag kasi ako ng iglesya." Buweno. Hayan nga kayo. Kung ganoon, sige. Hindi ganyan ang Binhi ni Abraham. Hindi ganyan ang pag-akto ng Binhi ni Abraham.

132 Ang Binhi ni Abraham! Ngayon, hindi ko alintana anuman ang dumating na kontra kay Abraham, nanatili siya sa Salita na 'yun ng pangako, sadyang nanatili siya mismo roon. Kahit na paano pa ang dating ni Sarah, ang dating ng iba, ang dating sa iba't iba pa, sa lahat, kanyang ibinilang 'yun na parang hindi ganun. Tumingin siya, nanampalataya siya na masisilayan niya ang pangako, dahil Diyos ang nangako nito sa kanya, at 'yun na 'yun. Hayun ang Salita ng Diyos, na nanatili mismo sa kanya.

133 Pagkatapos binigyan siya ng Diyos ng huling pagsubok na 'yun. "Bibigyan ko siya ng dobleng bisa, at susubukin siya." Ngayon, natanggap na niya ang anak na lalaki. Kanyang nakikita na natanggap na niya. "Pero ngayon ay sasabihin Ko sa kanya, 'Dalhin mo ang anak na lalaking 'yan at patayin mo ito.' At ibunsod ang anak na lalaking 'yan, kapag nakita niya . . . Papatayin nga kaya niya ang anak na lalaking 'yun? Susubukin Ko siya ngayon."

134 Si Abraham, ay talagang tapat sa Salita! Papaanong, kapag natanggap mo ang pangako, papaano mong pipigilan ang bagay na 'yun? Paano, papaano ka magiging?

135 "Papaano mo pa aasahan na ikaw ay magiging ama ng mga bansa, at heto ka na sandaan at labing-limang taong gulang na ngayon? Si Abra- . . . Si munting Isaac nga, mga katorse, kinse na ang edad. Papaano ka magiging ama ng mga bansa kapag sandaan at labing-limang taong gulang ka na? Heto ang kaisa-isa mong anak, at wawasakin mo ang tanging patunay mo na mayroon ka." Amen.

136 "Paano ko ito malalagpasan kung lalabas ako sa organisasyon ko? Paano ko ito malalagpasan kung gagawin ko ang *ganito*?" Oh, pakinggan n'yo ang marahang bulong na Tinig na 'yun at dumulog sa Salita, ang Salita.

137 Sasabihin n'yo, "Nakarinig ako ng isang tinig na *ganito* ang sinasabi sa akin." Kung 'yan ay kontra sa Salita, hindi 'yan Tinig ng Diyos. Ang Tinig ng Diyos ay dumudulog sa Salita.

138 Pagkatapos lumakad si Abraham patungo sa Tinig, at sa marahang, bulong na Tinig ng Diyos, sa Salita ng Diyos, na kailangan niyang kitilin ang buhay ng sarili niyang anak.

139 Ang sabi Niya, "Pigilan mo ang kamay mo, Abraham. Batid Ko na ngayon na iniibig mo Ako. At lahat ng susunod pagkatapos mo, hallelujah, lahat ng darating pagkatapos mo, na malugod na panghahawakan ang Aking Salita, ito'y magiging Binhi mo, at doon ay kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway."

140 Sana may oras pa ako para ipangusap sa inyo ang bagay na nangyari mga ilang araw na ang nakararaan, kita n'yo, ukol sa bagay na nangyari. Oh, grabe!

141 "Kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway; ang iyong Binhi na kasunod mo. Abraham, ang sinuman na magpapala sa iyo ay pagpapalain, at ang susumpa sa iyo ay susumpain." Ang sabi ni Jesus, "Mas mainam pa na ibitin sa inyong leeg ang batong-gilingan, at malubog sa kalaliman ng dagat."

142 At ang mga organisasyon na ito na pinalalayas ang maka-Diyos na mga kalalakihan na 'yun, dahil sila'y nanindigan sa Katotohanan, sa Salita, at sa Espiritu at kapangyarihan ng Diyos, at nanatili sa Salita, nakita n'yo ba ang nangyari? Kayo'y nilunod sa dagat ng pagkalimot.

143 "Mas mainam pa na ang batong-gilingan ay mabitin sa inyong leeg, at malubog sa kalaliman ng dagat, kaysa sa tisurin ang pinakamaliit sa mga pinahirang Ito." Ano ba sila? Mga binhi ni Abraham na nananatili sa Salita ng pangako.

144 Ang ilan sa mga kaiglesyahan natin ay humahantong na sa punto na sila'y tumatanggi. Itinatanggi nila ang Makalangit na pagpapagaling. Ayaw na nila nun sa kanilang iglesya. Ganoon nga. Ayaw na ng mga Pentecostal nating mga organisasyon ang Makalangit na pagpapagaling. Ano ito? Hindi n'yo ba nakikita kung paano kumilos ang diyablo? Pumuslit siya roon at nakapagsabi ng pekeng mga bagay na kagaya nun. At mga intelektuwal mismong kalalakihan na iniisip na sila'y espirituwal, at titingin dun, at magsasabi, "Tingnan n'yo ang isang *'yun*. Tingnan n'yo ang isa na *'yun*." Hindi ako tumitingin dun.

145 Kung kayo'y Binhi ni Abraham, titingin kayo sa pangako ng Diyos, sa bagay na sinabi ng Diyos na gawin ukol dito. Ganoon ito. Mga Binhi ni Abraham, nakatingin tayo sa isang pangako. Hindi ko alintana kung gaanong karami ang mahuhulog sa gawi *rito* at kung gaanong karami ang mahuhulog sa gawi *roon*. Ang pangako ay nananatiling totoo.

146 Kinakailangan n'yong dumaan sa mga pagsubok na ito. Kita n'yo? Oo. Si Abraham, ay sinubok muna, at pagkatapos ay sinelyuhan, pagkatapos binigyan ng pangako na "ang kanyang Binhi ay kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway." Gustung-gusto ko 'yan. Pagkatapos, kanilang kinamit ang mga pintuang-bayan ng kanilang kaaway matapos na sila'y masubok.

147 Ang nangyayari nga, hindi natin matagalan ang pagsubok. yan ang dahilan kung bakit ang ating mga organisasyon ay di makatagal sa pagsubok. Hindi 'yun ang kalooban ng Diyos. Haya't, pinagpala ito ng Diyos, pero hindi ito ang kalooban ng Diyos. Dahil, kita n'yo, may malaking samahan kayo ng mga kalalakihan dito na may malalaking pagsasama-sama ng mga ideya, at kanilang pinagsasama-sama ang mga ito

at magpapalitaw ng pinaka mainam nilang magagawa. May ilan sa kanila na magsasabi, “Ang isang *ito* ay bigating tao. Hindi mo maitatanggi ang salita niya.” Buweno, sa ganoon ding paraan naorganisa ang iglesyang Katoliko, pareho lang, sa kalipunan ng intelektuwal na mga mananampalataya. Mga intelektuwal, titingin sila rito, iaangkop ’yun sa panahon. Hindi n’yo puwedeng gawin ’yan. Ang lahat ng iba pa’y kasinungalingan liban sa Salita ng Diyos.

148 Ni kailanman ay di tumingin si Abraham sa isang bagay kundi sa pangako lang ng Diyos. Kahit na ano pa ’yun, nanatili siya sa pangako ng Diyos.

149 Pagkatapos ’yan ang dahilan kung bakit di na tayo makakasumpong ng ganoon. Hindi kayang kamtin ng isang organisasyon ang pintuang-bayan ng kaaway. Napakaraming hangal na kaisipan doon.

150 Kinakailangan na isang indibiduwal, na kakamit sa pintuang-bayan ng kaaway. Magagawa mo ito kung nanaisin mo. Siyanga, po.

151 Sige’t kumuha pa tayo ng kaunti’t, pansumandali na lang, tingnan natin kung sila’y nanatili sa Kasulatan.

152 Ngayon, may panahon noon sa Babilonia noong may isang—isang imahe roon na itinayo, malapit na tipo mismo ng iglesyang Katoliko, at lahat ng di yumuyuko sa imahe na ’yun ay susunugin sa nagniningas na hurno. Ngayon, isa ’yung pagtutuos, kung sila ba’y mananatili, yamang sinabi ng Diyos, “Huwag kayong magkaroon ng iba pang diyos maliban sa Akin, o gumawa ng anumang imahe ng anumang bagay.” Ang Diyos nga ang nagsabi nun. Dumating ang pagtutuos.

153 Ang lahat ng iba pa na mga taga-Israel ay nahulog mismo roon. At noong patunugin ang pakakak, at noong—at noong tumunog ang alpa, at noong—at noong tumunog ang plawta, aba, lahat sila’y nagpatirapa sa harap ng imahe na ito.

154 Pero hayan nga na may tatlo sa kanila na nagsabi, “Hindi kami kikibo.” Narinig nila ang marahang bulong na Tinig, at nanatili sila sa pagkakalinya sa Salita. Ano ang ginawa nila? Nanatili sa Salita.

155 At pagkatapos, kanilang—kanilang—kanilang sinabi, “Kung hindi n’yo ito gagawin. . .Bibigyan namin kayo ng isa pang pagkakataon, o kung hindi’y itatapon namin kayo sa nagniningas na hurno.”

156 Sabi, “Ang Diyos namin ay may kakayahan na iligtas kami mula sa nagniningas na hurno na ’yan.” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] “Pero, ano’t anuman, kami’y mananatili sa Salita.”

157 Ngayon, kapatid, paano naman kayo? “ano ang gagawin ko, Kapatid na Branham?” Manatili kayo sa Salita. Manatili kayo sa pangako. “Ang buong iglesya ko’y lalayasan ako.” Manatili

kayo sa pangako. Sila'y lalayo, mawawala rin naman balang araw, ano't anuman. Pero, ang Diyos ay hindi. Kaya manatili kayo sa pangako. "Buweno, sasabihin ko sa iyo, ititiwalag kasi nila ako." Manatili lang sa pangako, ano't anuman. Kayo nga'y manatili mismo sa pangako. Ngayon, kung makakapanatili kayo sa pangako at mananatili roon, kung ganoon talagang manatili kayo sa mga ito.

158 Makipagbuklod sa lahat. Pero ngayon heto, ngayon, hindi nga kayo kailanman magwawagi sa ibang paraan maliban sa pakikipagbuklod sa lahat. Kinakailangan n'yo. Ngayon, kapag sila'y naging masama na talaga, na sila'y imoral na, kung ganoon lumayo kayo mula rito. Ganoon nga. Huwag kayong dadako sa teritoryo ng kaaway. Pero hangga't sinisikap n'yo na maakay ang iyong kapatid, iba 'yan. Kita n'yo?

159 Ngayon masdan. Pero hindi n'yo mapagwawagian ang opinyon ng organisasyon, ng isang tao. Hindi, po. Kapag, naglagay na sila ng kanilang tuntunin, "Naniniwala kami sa *ganito*, tuldok!" Kung isusulat n'yo ang doktrina n'yo, "Naniniwala kami sa *ganito*," kuwit, iba 'yun. Ang ibig sabihin ng tapos, "Naniniwala kami sa *ganito*, at kinakailangan n'yong sumang-ayon sa *ganito* at pirmahan ang papel na ito, o 'yun na 'yun."

160 Pero kung sasabihin n'yo, "Naniniwala kami sa ganito," kuwit, "dagdag diyan ang kung ano pang mas higit na matututunan namin mula sa Diyos. Kami'y bukas sa Espiritu Santo," kung ganoon magpapatuloy kayo, kapatid. Oo. Yun nga'y magiging iba nga.

161 Pero, kita n'yo, kung isusulat n'yo 'yun na may tuldok, at ang Diyos ay magbibigay ng isa pang bagay na darating, na mapapatunayan na Kanyang Salita, ang Katotohanan, hindi na kayo makausad, dahil "natuldukan na." Tinapos na dun. Diyan namatay ang mga Lutheran. Diyan namatay ang mga Methodist. Diyan namatay ang mga Baptist. Diyan namatay ang Presbyterian. At diyan namamatay ang Pentecostal. Ganoon nga. Ganoon nga. Diyan sila namamatay, tingnan n'yo mismo, dahil ito'y—ito'y isinulat na. Wala na kayong—kayong maidadagdag pa rito o maibabawas. Ito'y—ito'y naroon na. Yan na ang doktrina n'yo.

162 Hindi matanggap noon ng Lutheran ang pagpapaging banal. Hindi, nga. Tapos na kasi niyang sabihin, "Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya." Hindi si Martin Luther; kundi 'yung grupo na sumunod pagkatapos niya. Ganoon nga.

163 Hindi si John Wesley; kundi ang grupo na sumunod pagkatapos niya. Ganoon nga.

Hindi si Calvin; kundi 'yung grupo na sumunod pagkatapos niya.

164 Hindi si John Smith ng iglesyang Baptist, na puspusan ang pananalangin, sa gabi, hanggang sa ang mga mata niya'y mamugto't di maimulat, para sa kanyang iglesya; at kinakailangan pa siyang akayin ng maybahay niya at pakainin siya roon sa kutsara, doon sa may hapag. Hindi siya; kundi itong grupo ng mga Baptist na sumunod pagkatapos niya, organisasyon na sumunod pagkatapos niya.

Hindi si Alexander Campbell; pero sila na mga sumunod pagkatapos niya.

165 Hindi ang pentecostal na pagkilos sa simula, na taglay ang lahat na mga bagay na pareho, at nakikipagbuklod sa lahat; kundi 'yung grupo na dumating at nagsabi, "Hindi. Kami *ito*, at kami *ito*. At *heto* ang mga usapin, at 'yun na 'yun!" ("Inihihiwalay ang kanilang sarili, na parang di taglay ang Pananampalataya.") Ganoon nga. Yun nga ang nagbunsod nun. Hayun ang masamang bagay. Amen. Pakiramdam ko'y napupuspos ako, sa umagang ito.

166 Ang mga binatang Hebreo, matapos na mapanindigan nila ang pagsubok, na kung sila ba'y mananatili para sa Salita ng pangako, o hindi, sila'y inilagay sa isang panunubok. At anong ginawa nila? Kanilang kinamit ang pintuang-bayan ng kaaway. Amen. Bakit? Nanatili sila sa Salita.

Manatili kayo sa Salita, ang Tinig na 'yun ng Diyos na nangungusap sa inyo.

167 Ngayon, sinabi ng buong pangangatuwiran, "Ngayon, tingnan n'yo. Ang Babilonia, wala rin namang kaibahan. Dahil, kami, kapag yumuyuko kami sa harap ng imahe na ito, sumasamba kami sa Diyos, siyanga. Buweno, kung gagawin kasi namin ito sa *ganitong* paraan, *ganito* ang ibig sabihin namin dito."

Gawin n'yo sa paraan na sinabi mismo ng Diyos.

168 Ano kaya kung sinabi ng Diyos, "Moises, hubarin mo ang iyong panyapak, Moises. Nasa banal na lupa ka."

169 Sasabihin niya, "Salamat sa Iyo, Panginoon. Ako'y tunay na sumasampalataya sa Iyo. Siguro'y ang sumbrero ko lang ang huhubarin ko, siyanga. Masyado kasing nakakaabala kung aalisin ko pa ang sintas ng panyapak ko." Uh-huh. Huh! Hindi nga 'yun uubra.

Ang sinabi Niya, "Panyapak." Hindi Niya sinabi "sumbrero." Tama.

170 Kinakailangan na dumulog kayo, nang linya sa linya, sa sinasabi ng Diyos, at luminya sa Kanyang Salita.

171 Ngayon, matapos na pagdaanan nila ang pagsubok, kanilang kinamit ang pintuang-bayan ng kaaway na apoy. Nasumpungan nila, noong sila'y nagtuluy-tuloy hanggang sa dulo, na nananatili

sa Salita ng Diyos, kanilang kinamit ang pintuang-bayan. Ganoon nga. Matapos na . . .

172 Si Daniel. May proklamasyon na ipinalabas, at pinirmahan ng mga Medo-Persia, na hindi na mababago pa, na, "Kung may mananalangin sa ibang diyos, siya'y ipatapon sa yungib ng mga leon." At alam ni Daniel kung ano ang Salita ng Diyos, na manalangin lamang sa Kanya, kaya kanyang binuksang mainam ang kanyang mga bintana at nanalangin pa rin. Ngayon, hindi siya nagtungo roon sa isang sulok. Binuksan niya mismo ang mga bintana paharap sa direksyon ng templo. Hindi niya ito ikinahiya.

173 At ayaw naman nating ilahad ang ating relihiyon nang Linggo lang, at sa Lunes ay gagawa ng iba. O, maniniwala sa ating puso tungkol sa isang bagay, tapos kapag nasa harap ng ibang tao at sasabihin, "Buweno, di ko alam. Siyanga't, sa tingin ko tama ka." Ipakita n'yo kung ano talaga kayo. Kung hindi, mangyaring umalis kayo sa pulpito, umalis kayo sa iglesya. Tama. Dahil, kayo'y sagabal sa dalawang ito. Manatili kayo sa kung ano kayo. Sabihin n'yo mismo ang pinaniniwalaan n'yo, nang sa gayon wala kayong anumang aatrasan. Kayo'y nakatayo mismo sa kung ano ang totoo. Alam ng lahat ang kulay mo. Mas hahangaan ka ng tao, ninuman.

174 Ang isang babae marahil ay sadyang maituturing na napakapangit. Marahil siya'y malaki, mataba, pandak, payat, itim ang buhok, tsokolate ang kulay ng mata, asul ang mata, abo ang kulay ng mata; ganito, ganoon, at kung ano pa. Pero kung ang babae na 'yun ay malinis, binibini, walang lalaki sa bansa na anupa't magbababa ng kanyang sumbrero sa ganoong klase ng babae, haya't ang lalaki'y may onsa na pagkalalaki sa kanya. Tama. Dahil, ang babae'y—ang babae'y ipinapakita kung ano talaga siya, at hinahangaan 'yan ng kalalakihan.

175 Ganoon din na hahangaan ng Diyos ang isang lalaki na magiging totoo kung ano talaga siya, o kalalakihan na nag-aangkin na sila'y Cristiano. Tayo'y dapat maging Cristiano, na puspos ng Espiritu Santo, taglay ang Salita ng Diyos, o kalimutan ito. Tama. Dahil, kung hindi, kayo'y magiging ipokrito, at iba ang buhay na ipinamumuhay. At makikita kayo ng mga tao na nagtutungo rito sa mga sayawan, at naninigarilyo, at mga bagay na gaya nun, at nag-aangkin na isang Cristiano, pagkatapos, kita n'yo, naglalagay kayo ng katitisuran sa daan ng iba.

176 Nakikita kayo na mga kababaihan, kung minsan, kung papaanong pinuputulan nila ang kanilang buhok at nananamit at umaakto sa maiiksing mga damit na ito, nagmumukhang binalatang mga longganisa o kung ano, at magtutungo roon sa kalye, maglalakad-lakad, 'yung takong ay *ganoong* kataas, maglalakad sa kalye. Pentecostal ba 'yan? Tapos sasabihin ng—

ng ibang iglesya, "Nag-aangkin sila na taglay raw nila ang isang bagay na wala naman sila nito."

177 Kayo'y natatakan na at minarkahan ng Espiritu Santo. Hindi kayo nasa isang bulwagan ng sayawan ngayong gabi at nakayakap sa bisig ng ibang lalaki, na hindi n'yo asawa; tapos sa kasunod na gabi, haya't babalik sa simbahan at magsasayaw-sayaw sa buong dako. Hindi ganyan ang pentecostal. Pagiging ipokrito 'yan. Karumihan 'yan.

178 Hindi ko po 'yan palaging sinasabi sa inyo. Pero, napagtanto n'yo, ang mga teyp na ginagawa rito ay ipinapalaganap sa buong mundo, kaya ipinapangaral ko ito na parang pambuong mundo. Kapag nararamdaman ko ang Diyos na nangungusap, "Sabihin mo ang isang bagay," akin nga itong sinasabi, dahil hindi ko alam kung saan ito makakarating. Siya na ang bahala nun. Manatili lang mismo sa Salita. Ganoon nga. Buweno.

179 Siyanga't hindi, si Daniel ay hindi yuyuko sa proklamasyon nila, kahit na siya'y itapon palabas ng organisasyon o hindi. Nanatili siya sa may bintana, at nanatili sa Salita ng Diyos. Hindi niya ikinahiya Ito.

180 Anong nangyari? Ipinatapon nila siya sa yungib ng mga leon, pero kinamit niya ang pintuang-bayan ng yungib ng mga leon. Bakit? Maluwalhati! Dahil sinabi ng Diyos na ang kanyang . . . "Kakamtin ng iyong Binhi ang pintuang-bayan ng kaaway." Anuman ang kaaway, kamit n'yo ang pintuang-bayan. Oh, ilang beses na magagawa natin . . . ?

181 Tingnan n'yo si Moises, na nakasunod sa linya ng mga utos ng Diyos, nagtungo roon sa Egipto, tila ba ang lahat ng bagay ay kontra. May mga nanggagaya sa kanya na kabayan niya. Nagtungo siya roon na may dalawa na—na mga tanda, para ipakita na siya'y isinugo. Inihagis ang isang ahas, at mga bagay na gaya nun.

182 At heto ang isang manggagaya, inihagis din ang kanila. Anong magagawa niya? Wala. Hindi sa kanya sinabi ng Diyos na kanilang gagawin 'yun. Nais Niyang subukin si Moises. Siya Mismo ang nagpahintulot kina Janes at Jambres na ihagis ang kanilang mga ahas, o kanilang mga tungkod.

183 Kaya doon ay tumayo si Moises sa nakaatang sa kanyang tungkulin. Inihagis ang kanyang tungkod. Naging ahas 'yun. Sabi niya, "Tingnan mo 'yan, Faraon. Yan ang sinabi ng Diyos ko na ipunta rito, na gawin 'yan sa harap mo."

184 Sabi ni Faraon, "halikayo, Jambres at Janes." Inihagis din nila ang kanilang mga tungkod. Naging ahas ang mga ito, kung ano mismo ang ginawa ni Moises.

185 Namula ba ang kanyang mukha? Hindi, po. Siya'y nanampalataya pa rin na isinugo siya ng Diyos. Nanatili siya sa pangako na 'yun. At anong nangyari?

186 Yan nga'y kapag nasa harap na kayo ng inyong mga kumperensyang mga pagtitipon. Marahil mamumula ang mukha n'yo, nang kaunti. Manatili lang sa Salita.

187 Anong nangyari? Bigla na lang, itong malaking kobra ni Moises ay umikot dun at nilulon ang mga 'yun. Pinatunayan ng Diyos. Matapos ang pagsubok sa kanya, ang sabi niya, "Nais kita, sa pamamagitan ng tandang ito, na hayaan ang mga anak na pumaroon sa ibayo. Nais kong pauwiin mo sila, kung saan sila nabibilang. Bumaba rito ang Diyos para sabihin, ipinadala ako rito para palayain sila. Nais kong makapanumbalik sila." Kanyang inihagis 'yun dun.

188 Oh, dumating ang pagsubok. Moises, anong gagawin mo, tatalikod ka ba, lalakad palayo, sasabihin, "Buweno, baka nagkamali ako"? Hindi, po.

Nanindigan doon si Moises, "Inatas ito ng Diyos." Maluwalhati!

189 Kapag ang Diyos ang magsasabi ng anuman, manatili kayo Rito. Kahit na ano pa ang mangyari, manatili kayo Rito. Kung palayasin kayo at sasabihin, "Hindi kami makikipagtulungan, hindi gagawin ang *ganito*," kayo'y manatili Rito.

190 Si Moises ay nanatili rito. Kaya anong nangyari? Kanyang kinamit ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway. Hallelujah. Ang sabi ng diyablo, "Ilalatag ko ang Dagat na Patay sa harapan mo," pero bumuka nga ito. Hindi nila kayang panatilihin sila sa Egipto nang matagal pa. Kanyang kinamit ang pintuang-bayan ng kaaway. Bakit? Dahil siya'y nanatili sa atas na ibinigay sa kanya ng Diyos. Ang mga utos ng Diyos, nanatili siya sa Salita ng Diyos at kanyang kinamit ang mga pintuang-bayan ng kaaway.

191 Si Josue, matapos niyang dumaan sa isang pagsubok. Nandun siya, marahil, at lumangoy patawid sa Jordan, siya at si Caleb, kasama ang mga tiktik. Noong makabalik siya mula sa Jordan, nagtungo sila sa Kadesh-Barnea. At lahat sila'y nagsabi, "Oh, kung magpapasimula tayo, wawasakin nun ang ating mga organisasyon. Hindi talaga tayo makakapasok."

192 Hindi namatay ang espiritu na 'yan. "Oh, di namin Yan maaaring tanggapin. Kung ituturo natin Yan sa mga miyembro natin, ano na lang ang gagawin natin? Ititiwalag natin ang halos kalahati ng mga diyakono, sa simbahan, aalis sila. Dalawang beses kasi silang kasal, tatlong beses pa nga. Anong gagawin natin? Tayo'y, aba, kung sasabihin natin sa ating kababaihan na kailangan nilang magpahaba ng buhok, alam n'yo ba ang gagawin nila? Aalis sila ng iglesya. At ano na lang ang gagawin natin? Aba, ituturing tayo na makaluma." Si Jesus ay makaluma rin, naman. "Hindi namin maaaring gawin 'yan. Hindi namin maaaring gawin 'yan. Masyadong mabigat 'yan sa amin."

193 Alam n'yo ba kung saan humahantong ang isang mananampalataya na hanggang hangganan lang. Ang Mga

Hebreo, sa ika-6 na kabanata, ay ipinapaliwanag ito. "Ang minsang naliwanagan na, napaging kabahagi na ng Espiritu Santo, pagkatapos ay tumalikod, upang ipanauli ang sarili niya muli." Nakarating siya sa hangganan na 'yun at tumanggi na tumawid, 'yun na 'yun, tumanggi na ganap na manampalataya.

194 Dahil, anong ginawa ni Caleb? Anong ginawa ni Josue? Ang sabi niya, "Tayo'y higit na may kakayahan para kunin ito." Bakit? Nanatili sila sa ipinangako ng Diyos.

195 Aba, ang sabi nila, ang sabi nung iba, "Buweno, mga higante sila. Sila'y naliligiran ng mga pader. *Ganito* sila. Aba, hindi natin sila masasaling, walang paraan."

196 Ang sabi n Josue, "Tayo'y higit na may kakayahan para gawin ito. Manahimik kayo, mga kababayan! Tumikom kayo! Kumalma kayo!" Amen.

197 Sinasabi ko sa inyo, ang pananampalataya ay nasa isang napakadakilang bagay, pagdating sa Salita ng Diyos. Hindi niya ito ikinatakot. Ang pananampalataya nga'y may buhok sa dibdib, malalaki ang kalamnan. Sinasabi Nito, "Tumikom kayo!" Tatalilis ang lahat sa sulok, ganoon nga, kapag ang Diyos ang nagsasalita. "Kayo'y manatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo, sabihin n'yo ang nais n'yo." Hayan nga kayo. Oh, gustung-gusto ko 'yun. Hum!

Ang mga diyablo'y manginginig, at ang mga
makasalanan ay magigising;
Ang pananampalataya kay Jehovah lahat ng
bagay ay mauuga.

198 Papaano kayo magkakamit ng pananampalataya kung alam n'yo na hindi kayo kumikilos, lumalakad sa Kanyang Salita, kapag nalalaman n'yo na may mga bagay diyan na dapat n'yong sabihin at hindi n'yo naman ito sinasabi? May mga bagay diyan na kailangan n'yong ituro at hindi n'yo naman ito itinuturo. May mga bagay roon na hindi n'yo masabi, at paano kayo magtataglay ng pananampalataya gayong nalalaman n'yo na kayo'y mali?

199 "Kung hindi tayo kinokondena ng ating puso." Hayan nga kayo. Hayan nga. Anupa't manatili sa Salita na 'yan, kung saan walang anuman diyan na kakonde-kondena. "Walang pagkondena sa kanila na nakay Cristo Jesus, na hindi lumalakad ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu." Ang Espiritu'y nangunguna sa pamamagitan ng Salita, dahil ang Espiritu ay lumilitaw lamang mula sa Salita, dahil ang Kanyang Salita ay Espiritu. At Ito lamang ay. . .Ang tunay na totoong Espiritu ng Diyos ay mangungusap lamang ng Salita ng Diyos. Oh, grabe! Grabe, grabe!

Umalis ka, sanlibutan. Satanas, lubayan mo kami.

200 Huwag kayong matakot na sasabihin sa bundok na ito, "Malipat ka." Sabihin n'yo ito. Manatili kayo roon, masdan n'yo kung paano siya madudurog. Ganoon nga.

201 Pero kapag meron kayong anumang pagkondena riyan, mainam—mainam na kayo'y manatili sa katahimikan. Kayo'y kung anu-ano lang ang sinasabi kung ganoon. Hindi katotohanan ang sinasabi n'yo. Hindi n'yo sinasabi ang mga bagay na dapat n'yong sabihin. Buweno.

202 Ngayon nasumpungan natin na si Josue, matapos na pagdaanan niya ang pagsubok na 'yun, nakita niya ang katunayan ng isang mabuting lupain, at tumayo siya roon sa Kadesh-Barnea at nagsakdal laban sa kanilang lahat, at nagsabi, "Tayo'y higit na may kakayahan na kunin ito. Magagawa nating kunin ito." Ano ang ideya? Tumawid.

203 Ano ang ideya noon ni Moises? "Ipakita ang tandang ito at ilabas ang mga anak." At mukha ngang mabibigo. Pero siya'y nanatili sa Salita, at ang pintuang-bayan ng Dagat na Patay ay di siya napanatili. Siya'y sumuong mismo rito. Kanyang kinamit ang pintuang-bayan ng kaaway.

204 Si Josue, habang nakatingin sa pangako ng Diyos, ang sabi, "Tayo'y higit na may kakayahan na kunin ito." Tama. At noong bumaba siya roon sa Jordan, anong ginawa ng ilog? Nagbigay-daan ang ilog. Amen. Ganoon nga. Kanyang kinamit ang pintuang-bayan ng kaaway. Yung Jordan na 'yun ay humahadlang na siya'y makatawid at makuha ang pangako na 'yun. Pero noong makadako siya roon, siya'y Binhi ni Abraham. Bakit? Sinampalatayanan niya ang Salita ng Diyos. Yun lang ang tanging paraan na ikaw ay magiging isang Binhi ni Abraham, ang manampalataya sa Salita ng Diyos. At pagkatapos anong ginawa niya noong pumunta siya roon kung saan handa na niyang suungin ang kaaway? Binuksan ng Diyos ang pintuang-bayan, at kanyang kinamit ito, kinuha ito, tumawid.

205 Noon sa unang pakikipagbaka, 'yung una niyang pakikipagtunggali sa kanila, ang mga pader nga'y naglalakihan nang husto na kaya nilang magpakarera ng karwahe sa ibabaw ng mga 'yun. Paano kaya siya makapapasok para kubkubin sila? Nagsitakbuhan sila mula sa kanya, bumalik sa loob. Ganyan ang gagawin ng kaaway, rin. "Kaya kakamtin mo ang pintuang-bayan ng kaaway."

206 Sabi, "Panginoon, ano pong gagawin ko?" Naglakad siya sa paligid, isang hapon, na nagninilay. Nakakita siya ng isang Lalaki na nakatayo na ang Kanyang tabak ay nakahugot. Hinugot ni Josue ang kanyang tabak, sabi, "Ikaw ba ay kampi sa amin? Ikaw ba'y kampi sa aming kaaway?"

Sabi Niya, "Ako ang Kapitan ng hukbong ito."

"Ano pong gagawin ko?"

207 "Magmartsa ka sa palibot nito, nang labing-tatlong beses. Magpatunog ka ng trumpeta. Makukubkob n'yo ang pintuang-bayan ng kaaway."

208 Ang pader nga'y bumagsak. Siyanga, po. Bakit? Siya'y Binhi ni Abraham, na nanghawakan sa Salita ng Diyos. Kinamit niya ang bawat pintuang-bayan na dumating sa kanya. Tunay nga.

Atrasado na po. Kailangan ko nang huminto.

209 Tingnan n'yo, lahat ng mga kalugud-lugod na mga bayaning ito, may isang punong pahina ako nila na naisulat dito. Pero ang lahat ng kalugud-lugod na mga bayaning ito, sa mga bagay na ito na kanilang nagawa, sa huli'y namatay sila.

210 Pero pagkatapos ay dumating ang tunay na pananampalatayang Binhi, ang Maharlikang Binhi ni Abraham, si Jesus, isang pangako. Inanak ni Abraham si Isaac, tunay, ayon sa laman, pero ang tunay na Binhi ay wala sa organisasyong sistema na 'yun. Naroon 'yun sa pangako ng Salita ng Diyos, na Kanyang ibubunsod siya na maging isang ama ng mga bansa, hindi sa pamamagitan ni Isaac, kundi sa pamamagitan ng Maharlikang Binhi, si Jesus. Yun ang Maharlikang Binhi, na, sa aktuwalidad, ang Binhi ni Abraham, si Jesus, ay hindi isang Judio, ni hindi rin Siya isang Gentil. Siya ay Diyos. Kita n'yo? Ang . . .

211 Kayo na mga Katoliko rito, pagpalain ang inyong puso. Pero kapag sinasamba n'yo si Maria bilang isang diyus-diyosan, ano 'yan na nangyayari sa inyo, siyanga? Si Maria ay wala ngang iba't isang babae. Pinili siya ng Diyos. Isa siyang inkubador. Yun lang. Isang inkubador, ganoon ang isang babae, pero siya'y may kaugnayan sa binhi ng lalaki.

212 Pero, heto't halo-halo ang mga takapakinig dito, pero kailangan kong sabihin ito para maunawaan n'yo ang ipinapangusap ko. Ngayon, makinig kayo sa inyong—inyong doktor, at ako'y kapatid n'yo. Tunay, magagawa n'yo.

213 Si Maria ay walang polen kay Cristo. Walang seksuwal na pakiramdam noong ang Espiritu Santo'y lumilim sa kanya, maski katiting. Pero ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang Manlilikha, nilikha ang selyulang Dugo at ang polen. Hum! Kung 'yun ay polen mula kay Maria, kung ganoon ang patay ay hindi babangon.

Maluwalhati! Sariwa po itong dumating ngayon. Kakukuha ko lamang nito.

214 Kaya naman kung sasabihin n'yo na walang pagkakaiba, sa bagay na ginagawa natin, kung ganoon bakit sinabi sa atin ng Diyos na umiwas sa mga bagay na mali? Bakit ibinangon ng Diyos ang katawan ni Jesus, kung hindi ganoon? Kaya, nakita n'yo, hindi maaari na may babae na konektado roon. Kung mayroon, kung ganoon ang Kanyang katawan ay halaw

sa Kanyang nanay, kay Maria, dahil siya'y nagkaroon pala ng isang seksuwal na paniniig kung ganoon sa pamamagitan ng paglililim ng isang espiritu na nagbunsod sa kanya na—na maglabas ng punlay, at mali 'yan. Ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng walang bahid na pagluluwal, hallelujah, doon ay Kanyang nilikha ang kapwa punlay ng lalaki at babae.

215 Tinawag ba siya ni Jesus na "nanay"? Hanapin n'yo sa Kasulatan. Tinawag Niya siya na "babae." Hallelujah! Babae! (Sariwa po ito. Yan ang dahilan kung bakit ginagawa nito ito sa paraan na gumagawa ito.) "Babae, narito ang iyong anak." Milyong milya na mas malapit sa babaing 'yun kaysa sa Kanya.

216 Siya ay Diyos. Hindi Siya Judio ni Gentil man. Siya ay Diyos, kapwa sa laman at katawan, ang Diyos ay nananahan sa Kanya. Ang Diyos ba ay mananahan sa punlay ng isang babae? Hindi Niya 'yun maaaring gawin. Ang punlay kasi ng babae ay kailangan magtaglay ng bagay na may kinalaman sa ating laman. Pero ito'y Dugo tapos punlay, na nililiman ng Diyos.

217 Maaari Niyang ilagay 'yun sa isang tuod kung ninais Niya. Siyanga, po. Maaari Niyang ilagay 'yun sa kung saan na naisin Niya.

218 Pero Kanyang dinala ito dahil sa babae roon sa pagkahulog. Diyan dumating ang walang bahid na Anak ng buhay na Diyos, na nilikha, ipinanganak ng birhen, pareho sa katawan at kaluluwa.

219 Bakit sinabi ni David, "Hindi ko makikita ang Aking Banal . . . titiisin ang Aking Nag-Iisang Banal na makakita ng kabulukan, ang Aking Nag-Iisang Banal na makakita ng kabulukan. Ni iiwan Ko ang Kanyang kaluluwa sa impyerno"? Sinabi 'yan ni David. Kita n'yo? Kapwa kaluluwa, katawan, at espiritu, ay nilikha ng Diyos, sa pamamagitan Niya.

220 Ang babaing 'yun ay hindi isang ina. Ito'y isang babae. Naniniwala ako na siya'y isang mabuti't, banal na babae. Walang pasubali. Hindi pa siya naging inkubador noong panahong 'yun. Hindi kailanman pipili ang Diyos ng maruming inkubador. Loobin ng Panginoon, mangangaral ako riyan mamayang gabi, anupa't, "Ano ang luma't maruming inkubador?" Para ipanganak ang Kanyang, para dalhin ang Kanyang Anak sa lupa, pinili Niya ang "isang birhen na di pa nasisipingan ng isang lalaki." Hindi rin siya naglabas ng anumang punlay o anumang iba pa noong liliman siya ng Espiritu Santo. Dahil, ang Diyos, sa Kanyang walang bahid, na walang katapusang paraan, ay nilikha sa loob ng babaing 'yun: ang kaluluwa, katawan, at espiritu, ni Jesus Cristo. Ganoon nga. Siya'y ipinanganak-ng-birhen na Anak ng Diyos.

221 Anong ibinunsod nun? Binasag nun ang pintuang-bayan ng kaaway. Hallelujah! Whew! Umiinam ito nang umiinam, sa akin. Tingnan n'yo. Bakit? Diyan pa lang ay binasag na Niya ang

pintuang-bayan ng kaaway, na ang bawat tao na ipinanganak sa mundong ito sa pamamagitan ng seksuwal na pagnanasa, ay hindi makapunta sa Langit dahil seksuwal na paniniig ang nagpasimula nito sa simula, doon sa halamanan ng Eden, kaya tinakpan nila ang kanilang mga sarili. Noong gawin Niya 'yun, Kanyang binasag ang bagay na 'yun na mahati sa dalawa, at kinamit ang pintuang-bayan ng kaaway. Sa pamamagitan ng ano? Pagkuha sa Maharlikang Binhi ni Abraham, sa pinakaunang pagkakataon, at binasag ito hanggang sa ilalim. Ang Maharlikang Binhi ng pananampalataya at pangako, hindi isang pagluluwal ni Maria, kundi ng Diyos, ang bumasag ng mga pintuang-bayan. Yan nga'y, maibunsod ang tao na makatawid sa pintuang-bayan. Maluwalhati ang Diyos!

222 Ano ang Kanyang ginawa? Pagkatapos nga'y kinubkob ang lahat na mga pintuang-bayan ng kaaway. Kanyang kinuha ang pintuang-bayan ng karamdaman. Hindi maaaring umiral ang karamdaman sa Kanyang Presensya. Hindi, po. Ni hindi rin iiral ang anupamang iba sa Kanyang Presensya. Ang prusisyon ng paglilibing ay di makakatagal sa Kanyang Presensya. Hindi. Ano ang ginawa Niya?

223 Namatay si Josue. Namatay si Moises. Lahat sila'y namatay, pero hindi ang Maharlikang Binhi na ito. Hindi makakatayo ang kamatayan kung saan naroon ang Buhay.

224 Ang babae mula sa Nain, na pumunta roon dala ang kanyang anak na binatilyo. Huminto at nagsabi, "Bumangon ka, iho."

225 Ang dalagita na 'yun na patay na, na anak ni Jairo, Siya'y nagwika ng isang salita roon sa ibayo patungo sa di-kilalang daigdig doon, at nagsabi, "Iha, bumangon ka."

226 Si Lazaro, patay nang apat na araw at ang kanyang katawan ay nabulok na, at ang kanyang kaluluwa ay matagal nang wala roon, na apat na araw na. Nagwika Siya, "Lazaro, lumabas ka." Maluwalhati!

227 Hayun Siya. Anong ginawa Niya? Hinapak Niya ang mga selyo ng lahat ng bagay. Hallelujah!

228 Noong Siya'y kailangan nang mamatay, hindi Niya maaaring pigilan ang buhay na 'yun. Hindi Siya kailanman mamamatay, pero kailangan Niyang ibigay ang buhay na 'yun. At noong ibigay Niya ang buhay na 'yun, Siya'y namatay ng isang kamatayan. At ang Kanyang katangi-tanging kaluluwa, gaya ng sinabi ng Biblia, ay bumaba sa impyerno, para kunin ang lugar ko at lugar n'yo. Ang Maharlikang Binhi ni Abraham! Ang ano? Siya ang Maharlikang Binhi. Oh, maluwalhati!

229 Ngayon tayo ang Maharlikang Binhi, ang bagay, na nananatili sa Salita, gaya mismo Niya. "Sapagkat sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos; at ang Salita, ay nagsalaman, at nanahan sa kalagitnaan natin." Hindi n'yo ba

nakikita kung saan nakahimlay ang Maharlikang Binhi? Ang Maharlikang Binhi ay yaong nananatili sa Salita.

230 Kayo na mahihina na payag makipagkompromiso sa diyablo, sa kanyang kalakaran sa sanlibutan. (Hindi kayo ang pinangungusapan ko rito.) Doon sa labas, sa inyo na mga mangangaral na nalalaman na kayo'y nangangaral na ang mga araw ng himala ay lipas na, kayo na nangangaral na wala nang ganyang bagay na bautismo ng Espiritu Santo, mahiya kayo sa sarili n'yo, siyanga't tinatawag n'yo ang sarili n'yo na Binhi ni Abraham.

231 Ang Maharlikang Binhi ay nananatili sa Salita. Ang Maharlikang Binhi, na hindi ipinanganak ng tao, walang kinalaman sa lalaki o babae. Ang babae'y ang iglesya; walang kinalaman sa iglesya. Walang kinalaman si Maria sa Binhi. Ni ang iglesya man, na tinatawag na organisasyon, ay wala ring kinalaman sa Binhi. Ito'y ipinanganak sa ano? Hindi sa pamamagitan ng isang organisasyon, hindi ng Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko, Lutheran, kung ano pa.

232 Bagkus, ipinanganak ng Maharlikang Binhi ng pangako ng Diyos, 'yan ang kumukubkob sa pintuang-bayan ng kaaway. Ito'y kinubkob na mula sa kanya. "Sapagkat kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo, hilingin ninyo ang inyong nais, ito'y gagawin sa inyo." Hayan nga. Isa itong pangako. Ito'y ginawa na.

233 Ang Kanyang kaluluwa ay bumaba sa impyerno, kung saan ako dapat mapunta. Pero noong ikatlong araw . . . Si Samson na pasan-pasan noon ang pintuang-bayan ng siyudad sa kanyang likod, ay walang kinalaman dito. Kanyang kinuha ang mga pintuang-bayan ng impyerno, ang mga pintuang-bayan ng libingan, at ng lahat na iba pa. Hindi Niya 'yun pasan-pasan paakyat sa ibabaw ng bundok, bagkus Kanyang winasak ito. Hallelujah! Kanyang kinamit ang pintuang-bayan ng kaaway.

234 Ang mga kapaligiran na punong-puno ng kapangyarihan ng diyablo, sa itaas, na walang mga Anghel o anuman ang makabababa. Wala ngang maibubunsod na pamamagitan, dahil ang dugo ng mga kambing ay di makapagwawaglit ng kasalanan. Pero ang Kanyang sariling Dugo ang makaaalis ng kasalanan.

235 At Siya'y pumaitaas sa Kaitaasan, pinangunahan ang mga bihag na lumaya. Siya'y nagkaloob ng mga kaloob sa mga tao. Ngayon, ang bawat isa sa Binhi ni Abraham na handang bayaran ang halaga, para magpatirapa at magsisi sa kanilang mga pagkakasala, mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng inyong kasalanan, mapunuang muli ng Espiritu Santo, at makatindig sa pagsubok.

236 At kapag inalis na nila ang sanlibutan mula sa inyo, ang mga bagay na wala na, lahat ng mga bagay na mali, lahat ng mga bagay na tila mali, katulad ng kababaihan sa buhok nila,

ang mga kalalakihan sa kung anu-anong ginagawa nila, at ang mga kaiglesyahan sa kanilang mga organisasyon, at ang—ang pastor na kinukunsinte ang kanyang mga diyakono, at—at lahat na ng mga uri na 'yan ng mga bagay-bagay. Na kung anong makasanlibutang kumpol ng kung anong bagay na nakapasok diyan at magdulot na ang isang kaawa-awang pastor, ay sipain palabas ng iglesya.

237 Magpatuloy ka, pastor. Pagpalain ka ng Diyos. Manatili ka sa Salita. Huwag kang tumanggap ng anuman.

238 Siya'y pumaroon sa Kaitaasan. Ano ang ginawa Niya? Siya'y gumawa ng butas, isang pintuang-bayan, na, ang panalangin ng Binhi na ito ni Abraham. Bakit? Bakit? Kung tayo ang Katawan ni Cristo, kung tayo ay patay na, na napagkikilala natin ang ating sarili na patay at inilibing na kay Cristo, at ibinangon kasama Niya sa pagkabuhay na mag-uli. Siya ang Ulo ng Katawan. Kung nasaan ang Ulo, ang Katawan ay kalakip Nito. At pagkatapos, sa umagang ito, kung saan ang bawat isa na ginawa 'yun, "ay nakaupo kasama Siya sa makalangit na mga dako," kasama ang Maharlikang Binhi. Purihin ang Diyos.

239 Walang pintuang-bayan. Hindi nga kayo makakapanalangin nang *ganitong* kahaba, at sasabihin, "Oh, oh, *hayan* ang salita." Huh-uh. Sasaraduhan ka nila, doon mismo.

240 Pero kung hindi tayo kinokondena ng ating puso; kung nalalaman natin na tayo'y lumalakad sa mga utos ng Diyos; makikita natin ang ating mga buhay na nalinis; makikita natin ito; bawat Salita na inutos ng Diyos, ating sinusunod Ito; pagkatapos ang mga pintuang-bayan ng bawat kaaway ay nakamit. "Kung ganoon hilingin mo ang iyong nais, ito'y gagawin sa iyo." "Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Oh, kapatid, magiging kaaya-ayang iglesya nga ito!

241 Sa pagbalik ko uli sa Phoenix, kung pahintulutan ako ng Panginoon, umaasa ako, sa paglakad ko sa tabernakulong ito, na ang bawat hilera ng mga bangko ay mapuno, at bawat bangko sa buong Ebanghelyong pagkilos na ito sa siyudad na ito ay mapuno ng mga banal ng buhay na Diyos: na ang mga postura ay Cristiano; ang mga pagsasalita ay Cristiano; ang mga kilos ay Cristiano; na ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa kalagitnaan nila, kung saan, kung ang isa'y magkasala, itatawag-pansin ito agad-agad ng Espiritu Santo.

242 Gagawin nga Nito. Nakikita n'yo mismo 'yun sa pila para sa pananalangin, gaya rito sa itaas sa may altar. Kung saan, sasabihin, "Bumalik ka roon at ituwid mo ito sa iyong asawang lalaki. Pumunta ka, sabihin mo sa iyong asawang babae na lumabas ka, noong isang gabi bago itong huli, kasama ang babae na 'yun, namalagi sa *ganito-ganoong* lugar." Kung gagawin Nito ito rito, sa pamamagitan ng paglakad sa Salita, sa pakikinig sa

marahang bulong na Tinig, ay gagawin Nito ito sa inyo. Kayo'y Binhi ni Abraham. Kung ganoon, walang sala.

243 Mangangaral, hindi ba't nais n'yong makita 'yan sa inyong iglesya? Lumakad kayo sa iglesyang ito, at tumingin kayo *rito*, tingnan n'yo ang kapwa kalalakihan at kababaihan, na maka-Diyos, banal, nakaupo roon na puspos ng kapangyarihan ng Diyos. Hindi nga makakapasok ang kasalanan. Isang lalaki ang papasok at mauupo, titindig ang Espiritu at magsasaysay, "John Jones, nanggaling ka sa *ganito-at-ganoon*, sa isang siyudad, isang *ganito-at-ganoong* lugar. Narito Siya na naghahanap ng kagalingan para sa kanyang katawan. Kita n'yo? May ginawa siyang *ganitong* bagay sa *ganitong* lugar. Ginawa niya *ito*, at kinuha niya . . . kailangan, dalhin mo *ito* pabalik, itama mo *ito*, pagkatapos pagagalingin siya ng Diyos mula sa kanser na 'yan. GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Grabe, grabe!

244 Bigyan n'yo ako ng isang iglesya, bigyan n'yo ako ng sampung kalalakihan, na pus- . . . , na mga tunay na hiyas ng Diyos, ang Maharlikang Binhi, pagtipun-tipunin ang mga kalalakihang 'yun nang sama-sama, at masdan n'yo kung anong mangyayari. Ibigay n'yo sa akin itong munting sambahayan ng mga tao na gaya n'yan, at ipakikita ko sa inyo ang isang Liwanag na ang mundo'y tatakbo patungo roon. Siyanga. Yan ang nais sa atin ng Diyos na maging. "Kayo'y isang siyudad na nasa ibabaw ng isang burol." Kayo'y Maharlikang Binhi ni Abraham. "Kakamtin Nito ang pintuang-bayan ng kaaway."

245 Karamdaman, may pinagmumulan ang karamdaman. May pinagmumulan ang mga bagay na ito. At ang Diyos, ang Espiritu Santo, ay narito para ihayag ang bagay na 'yun at sabihin sa inyo kung bakit di n'yo ito nakukuha. Anong nangyayari sa atin? Hindi natin kailangang magtaka, "Gagawin ba Nito ito." Ginagawa na mismo Nito. Anong ginagawa n'yo?

246 Masdan n'yo ang propeta na 'yun. Hindi niya pinakinggan ang humahagibis na hangin, "Maluwalhati ang Diyos! Hallelujah!"

247 Mainam ito. Ngayon, alalahanin n'yo, hindi ko 'yan kinokondena. Umaasa ako na nauunawaan 'yan ng lahat. May nagsabi, "Hindi naniniwala si Kapatid na Branham sa pagsasabi ng, 'Luwalhati sa Diyos! Hallelujah!'" Buweno, tingnan n'yo ako rito ngayon. Naniniwala ako sa pagsigaw, pagsasalita ng iba't ibang wika, pagsasayaw sa Espiritu.

248 Pero, kapatid, kapag bigo kayo na pakinggan ang marahang bulong na Tinig ng Salita, 'yan ang bagay na magpapabagsak sa inyo. Yan mismong pagkabigo na 'yan.

249 Alam ni Elias ang tungkol sa lahat ng rebaybal na ito na nangyayari sa labas. Pero siya . . . Hindi siya napukaw nito para lumabas. Pero noong marinig niya ang marahang bulong na Tinig ng Diyos, mangyari nga na siya'y napukaw. At

tinalukbungan niya ang kanyang mukha, lumabas. Bakit? Si Elias ay Binhi ni Abraham, na sumusunod sa Salita.

250 "Kung kayo ay nananatili sa Akin at ang Aking Mga Salita sa inyo, kung ganoon ay hilingin ninyo ang inyong nais, ito'y gagawin sa inyo."

Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali para sa panalangin.

251 Oh, iglesya, ganoon na lamang, kapag natatapos ako sa pangangaral na gaya n'yan, ganoon na lamang ang pakiramdam ko! Umaalis na mula sa akin ang Espiritu, at bumabaling ako sa likod. Nakikita ko ang mga tao na aktuwal na bubunot nang malalim sa kanilang bulsa at kukunin ang pagkain na dapat sana'y para sa kanilang mga anak, para maibigay sa akin. Nakikita ko ang munting kababaihan dito, marahil maiksi ang buhok. Ano ang gagawin nila? Gagawin nila ang lahat para sa akin, na magagawa nila. Isang lalaki na namumuhay kasama ang isang asawang babae na gaya n'yan, at akin ngang tinatadtad siya na magpira-piraso, sa pamamagitan ng Salita na 'yun, masasaktan siya, ibubunsod na mabalisa ang kanyang konsyensya. At sa kabila nun ang lalaking 'yun ay lalabas dun at magtratrabaho nang puspos, at ipapadala sa akin ang kanyang ikapu. Ganoon nga. Ibinubunsod nga ako n'yan na makaramdam, kita n'yo, kapag bumabalik na ako sa laman, kita n'yo, ano, ano ba ang nasabi ko? Hindi ko sadya na makasakit. Hindi po ganoon.

252 Pero, oh, kapatid, at ang aking pinakamamahal na kapatid na babae at kapatid na lalaki, kung 'yan ang Salita ng Diyos, at ito ang Kanyang Espiritu na ibinubunsod ang Salita na 'yun na magkabuhay, sa inyo, ano pa kaya kapag naroon na sa Araw ng Paghatol? Sinisikap ko na maihanda kayo para sa araw na 'yan. Maaari, maaari lamang na panghawakan n'yo ang Kanyang Salita. Kung may naipangaral ako na anuman na hindi ang Salita, isang pangako ng Diyos, kung ganoon may karapatan kayo na lumapit sa akin. Pero 'yan nga'y ang Salita. At 'yan ay dahil iniibig ko kayo.

253 Hindi 'yan dahil ayaw ko—ayaw ko na kayo'y nasa bangka. Yan ay dahil hindi kayo maitatawid ng bangka. Sasalpok kayo, isa sa mga araw na ito.

254 Kinakailangan n'yong humantong sa Paghatol. "Ang nagkasala sa maliit ay nagkasala sa malaki." At kapag alam n'yo ang anumang bagay ay tama para gawin, na ito'y ang Salita ng Diyos at isang pangako na ito'y dapat gawin, pagkatapos hindi n'yo ito ginagawa, kung ganoon ano na? Hihilingin sa inyo na magbigay ng dahilan, ano na? Kapag ang Mensaheng ito sa umagang ito ay kakaharap sa inyo sa ibayo sa tabing na 'yun, sa Araw ng Paghatol, ano na? Bulayin n'yo ito, mga kaibigan. Marahil mamatay kayo bago matapos ang araw. Lahat tayo'y

marahil ganoon ang mangyari. At isang bagay ang sigurado, kayo'y mamamatay at mamamatay.

255 Tumayo ako noong isang araw na pinagmamasdan ang nanay ko, yakap ko siya sa aking bisig. Yakap ko rin ang tatay ko mga kaunting panahon lang bago 'yun, at nakita ko kung paano siya yumao.

256 Nakita ko sila na humantong sa dulo ng kanilang daan, na iniisip nila na sila'y tunay na ayos lang. Sinasabi, "Oh, Kapatid na Branham, oh, kung mabubuhay lang ako nang mas kaunting haba pa!" Huli na ang lahat. At alalahanin n'yo, hindi babaguhin ng kamatayan ang kaluluwa, binabago lang nito ang dakong pananahanan nito. At kung nakikita n'yo ang bagay na 'yan sa kalooban n'yo, maging makatuwiran ngayon, kung nakikita n'yo na may bagay sa kalooban n'yo na ibinubunsod kayo na umakto sa ganoong paraan at makaramdam sa ganoong paraan, gaya ng hindi dapat maging ganoon ang inyong nararamdaman, magsisi kayo sa umagang ito. Maaari n'yo bang gawin, kaibigan? Halikayo. Maging. . .Hindi n'yo kailangan na maging ganoon. Kapus-palad ka na tao kung ganun. Mamuhay ka na isang tunay na Maharlikang Binhi na buhay. Nais 'yan sa inyo ng Diyos ngayon.

257 Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay, habang nakayuko ang inyong ulo, at puso. Sabihin, "Kapatid na Branham, itinataas ko ang aking kamay sa Diyos. Sa totoo lang, mula sa aking puso, 'yan ang bagay na nais kong maging sa akin. Yan talaga ang bagay na nais kong maging sa akin. Ako'y—ako'y napariwara rito at lahat na, pero sa totoo lang ayaw ko—ayaw ko na maging ganoon. Nais kong maging ganyan sa ipinapangusap mo sa umagang ito. Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham. Itinataas ko ang aking mga kamay sa Diyos, hindi sa iyo, Kapatid na Branham, kundi sa Diyos. At sa puso ko, natatalos Niya ang puso ko. Inaasam ko na maging ganyang uri ng Cristiano na ipinapangusap mo, isang maharlikang Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ni Jesus Cristo." Itaas mo ang iyong kamay ngayon at sabihin, "Aking. . .Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Tunay na gagawin Niya ito para sa inyo.

258 Aming Makalangit na Ama, sa Liwanag ng Iyong Salita, sa kapangyarihan ng Iyong pagkabuhay na mag-uli! At napagtanto ko, Panginoon, na ang kaaba-abang mga tao'y maraming beses na naguguluhan dito, dahil sa iba't ibang. . .Halos di na alam ng mga tao kung anong gagawin; may isa na darating, sasabihin ang isang bagay; at may isa na parating, magsasabi ng iba.

259 At dito sa Phoenix, sa malaking siyudad ng—ng, buweno, mga turista, kung saan ang lahat mula sa buong bansa ay hinihila patungo rito, kapwa sa pisikal at sa espirituwal. Nakatayo ako sa ibabaw ng bundok, noong isang araw, at

binubulay kung gaano nang karaming beses kaya ginamit ang Pangalan ng Diyos sa walang katuturan sa isang araw rito, gaano na kayang karaming pangangalunya ang nagawa, gaano na kayang karami ang kasalanan at karumihan sa mga kalsada rito, at mga bahay-inuman at mga taong nasa mga bar, at lahat, marami sa kanila ang nag-aangkin na mga mananampalataya, Cristiano!

260 Mga kababaihan na magtutungo sa lansangan, na may sigarilyo sa kanilang kamay. Naglalakad na imoral ang pananamit, samantalang Iyong sinabi na ito'y mabaho sa harapan Mo, "Isa itong kasuklam-suklam," gaya ng isang luma't, madumi, nakasusulasok, na mapanghing palikuran kung saan. Oh Diyos, paano 'yun magagawa ng isang babae na nag-aangkin na taglay raw niya ang Espiritu Santo, at alam naman na sa ilong ng Tagapagligtas, ay nangangamoy 'yun nang ganoon, na nakasusulasok? Papaano Siya magkakaroon ng isang bagay na tulad nun na Kanyang Kaharian? Ama, kung nalalaman lang nila, sila'y milyong milya ang layo mula Rito.

261 Nananalangin ako, Diyos, na Ikaw ay mahahabag. Walang may nais mapunta sa mga rehiyon na 'yun ng mga napahamak. Walang may nais na madako roon, Ama. Nawa'y di mangyari na kami'y madako roon. Pero sa kaibuturan doon ay isang mabuting puso sa tao na 'yun, sa lalaki na 'yun, sa babae na 'yun, isang lalaki o babae na mapagkawanggawa at kalugud-lugod at mabait, at nadaya lamang ng diyablo. Ang diyablo ang gumawa nun.

262 Satanas, ako'y laban sa iyo, dahil ikaw ay kaaway ng aking Panginoon. Ikaw ay kaaway ng Kanyang Salita. At aking sinasawata ka, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, bilang isang mortal, na nalalaman na wala akong kapangyarihan sa ganang sarili ko. Wala akong kapangyarihan para pigilan ka. Wala akong kapangyarihan para ipangyari ang alinman sa mga kababaihan na ito na malinis sila, alinman sa mga kalalakihan na ito, na nakikinig sa teyp na ito, o—o saanman. Wala akong paraan na ipangyari na sila'y malinis. Wala akong kapangyarihan. Pero ako'y may awtoridad ng Salita ng Diyos, bilang isang lingkod, na ipangaral Ito, at may tungkulin sa awtoridad na 'yun. Maging itong pulis dito ay may kapangyarihan na magpahinto ng isang kotse, pero siya'y may awtoridad na gawin ito.

263 At, Satanas, mabuting apakan mo na ang iyong mga preno, dahil sinasawata kita, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na iyong palayain ang mga taong ito, sa buong mundo, saanman makarating ang Mensahe na ito. Iyong pakawalan sila. Aking inaangkin sila, na sila'y mabayaran. Hindi sila sa ganang sarili nila. Binayaran sila sa isang halaga, ng Maharlikang Binhi ni Abraham, ng Panginoong Jesus.

264 Ikaw na marumi't, nanggigitata't, mabahong ipokrito, na nanlilinlang ng tao, na inaakay sila nang bulag patungo sa mga hukay ng impyerno, pakawalan mo sila. Sinasawata kita, sa pamamagitan ng buhay na Diyos, sa pamamagitan ng Hain ng Kanyang Anak, na si Jesus, na iyong pakawalan sila, na ang kanilang mga kaluluwa ay mapuspos ng Kanyang pagpapala at ng Kanyang Presensya, na kanilang makamit ang pintuang-bayan ng bawat kaaway. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Pinaghintay mo sila sa *ganito*, *ganoon*, o sa *iba pa*, o sa kung anong banal na hipo, o kung anong bagay, pero sinasabi ko mismo na bumitiw ka sa iyong pagkakahawak.

265 Paano makatatagal ang karamdaman sa isang pahid na gaya nito? Tanging kapag tumanggi sila na tumingin sa ibayo sa pangako na gaya ng ginawa ni Abraham, noong nakikita niya Siya sa isang anyo daan-daang taon pa ang layo, na parating.

266 Iyong pakawalan sila. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pakawalan mo ang mga taong ito.

267 Nawa ang kapangyarihan ng Diyos, ang pagkaunawa sa Salita, habang sila'y hinuhugasan sa umagang ito sa pamamagitan Nito, nawa ang pagkaunawa ng pagsunod sa Salita ng Diyos at sa Kanyang mga pangako na totoo, ay isang paghawak na hindi mababali ni Satanas. Nawa ang bawat isa'y manghawakan sa pangako na 'yan, na sinasabi, "Heto na ito. Akin na Itong pinanghahawakan. Ang Diyos ang nangako. Ako'y binhi ni Abraham. Paano ko pa mapag-aalinlanganan ang Kanyang pangako?" At umusad kayo, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na aming Panginoon. Amen.

I love Him . . .

268 Tunay na nakahihiwa sa umagang ito, mga kaibigan. Tayo'y sumamba ngayon nang may katimyasan.

Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

269 Posible ba, hindi sa paglalapastangan, tunay na hindi nga . . . Ito ay—ay relihiyoso. Atin nang itaas ang ating mga kamay sa Kanya na ating iniibig. At sabihin:

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

270 Ngayon, sa bawat babae o kabataang babae rito, heto ang kamay ko. Mahal kayo ng Diyos. Sa bawat lalaki o kabataang lalaki rito, mahal kayo ng Diyos. Minamahal ko kayo. Ngayon, hindi ako makaaabot at mahahawakan ang bawat isa sa mga kamay n'yo, pero inihahayag ng Diyos sa inyo ang ibig kong sabihin. Habang inaawit natin 'yun muli, lumibot lang kayo at

makipagkamay sa kaninuman. "Dito'y malalaman ng lahat na mga tao na kayo'y Aking mga alagad, kapag kayo'y may pag-iibigan, sa isa't isa."

I. . .
. . . purchased my salvation
On Calvary's tree.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

271 Hindi ba't iniibig n'yo Siya? Ang matimyas na pakiramdam na 'yan na galing sa Espiritu Santo! Ang Salita ay isang paglilinis na proseso, na talagang kinukuskos ko kayo nang maigi, pinagiging bagong nilalang kayo, na inaalis ang lahat-lahat. Ang Salita ay mas matalas pa kaysa sa tabak na may dalawang talim, na tumutuli, pinuputol ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan. Kita n'yo? Pagkatapos mararamdaman natin na tayo'y nilinis, kinuskos nang maigi, na tinatanggap at sinasampalatayanan Siya. Sa ganyan ay naaawit natin:

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary.

272 Maganda po ba? Gustung-gusto ko ito nang buong puso ko. Kita n'yo? Ating subukan uli, ang lahat po ngayon, nang talagang, nangingibabaw na mga tinig n'yo ngayon.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's . . .

*At Kakamtin Ng Iyong Binhi Ang Pintuang-Bayan Ng Kanyang Kaaway* TAG62-0121M
(And Thy Seed Shall Possess The Gate Of His Enemy)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Enero 21, 1962, sa Faith Tabernacle sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org